PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

2016

LEARNING MODULE

Araling Panlipunan G7 | Q1

Heograpiya ng Asya

PEAC National Secretariat
Units 2505-2507, 25th Floor Philippine AXA Life Centre
1286 Sen. Gil Puyat Avenue corner Tindalo St., Makati City
Tel No.: (02) 8-570-7322
Fax No.: (02) 8-511-7695

NOTICE TO THE SCHOOLS

This learning module (LM) was developed by the Private Education Assistance Committee under the GASTPE Program of the Department of Education. The learning modules were written by the PEAC Junior High School (JHS) Trainers and were used as exemplars either as a sample for presentation or for workshop purposes in the JHS In-Service Training (INSET) program for teachers in private schools.

The LM is designed for online learning and can also be used for blended learning and remote learning modalities. The year indicated on the cover of this LM refers to the year when the LM was used as an exemplar in the JHS INSET and the year it was written or revised. For instance, 2017 means the LM was written in SY 2016-2017 and was used in the 2017 Summer JHS INSET. The quarter indicated on the cover refers to the quarter of the current curriculum guide at the time the LM was written. The most recently revised LMs were in 2018 and 2019.

The LM is also designed such that it encourages independent and self-regulated learning among the students and develops their 21st century skills. It is written in such a way that the teacher is communicating directly to the learner. Participants in the JHS INSET are trained how to unpack the standards and competencies from the K-12 curriculum guides to identify desired results and design standards-based assessment and instruction. Hence, the teachers are trained how to write their own standards-based learning plan.

The parts or stages of this LM include Explore, Firm Up, Deepen and Transfer. It is possible that some links or online resources in some parts of this LM may no longer be available, thus, teachers are urged to provide alternative learning resources or reading materials they deem fit for their students which are aligned with the standards and competencies. Teachers are encouraged to write their own standards-based learning plan or learning module with respect to attainment of their school's vision and mission.

The learning modules developed by PEAC are aligned with the K to 12 Basic Education Curriculum of the Department of Education. Public school teachers may also download and use the learning modules.

Schools, teachers and students may reproduce the LM so long as such reproduction is limited to (i) non-commercial, non-profit educational purposes; and to (ii) personal use or a limited audience under the doctrine of fair use (Section 185, IP Code). They may also share copies of the LM and customize the learning activities as they see fit so long as these are done for non-commercial, non-profit educational purposes and limited to personal use or to a limited audience and fall within the limits of fair use. This document is password-protected to prevent unauthorized processing such as copying and pasting.

ARALING PANLIPUNAN 7

Modyul 1: Heograpiya Ng Asya

☑ Panimula at mga Pokus na Tanong

Ang Asya ang itinuturing na pinakamalaking kontinente at may pinakamaraming tao sa daigdig. Ito rin ang kontinente na itinuturing na “Lundayan ng Sibilisasyon”. Bilang Asyano, alam mo ba ang dahilan ng mga katawagang ito at ang ugnayan ng katangiang pisikal na kaugnay sa mga katawagang ito sa Asya?

Kung hindi pa,samahan mo akong tuklasin ang iba’t ibang katangiang pisikal ng Asya upang masagot ang mga tanong na: ***Paano nakaapekto ang heograpiya sa buhay ng mga Asyano? at Paano nabuo at umunlad ang kabihasnang Asyano?***

Sa modyul na ito ay matutuklasan mo ang pinagmulan ng Asya , ang mga angking katangian ng Asya bilang isang kontinente at kasabay ng implikasyon nito sa kaunlaran ng mga bansang Asyano. Lubos mong maunawaan ang kahalagahan ng katangiang pisikal hindi lamang sa kaunlaran ng bansa, higit sa lahat ay ang pagpapaunlad sa buhay ng tao.

Handa ka na bang alamin ang mga kasagutan sa mga tanong na ito at palawakin ang iyong nalalaman sa kontinenteng iyong tinitirhan? Kung oo, ay magpatuloy tayo!

☑ SAKLAW NG MODYUL

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga sumusunod na aralin:

Aralin Blg.	Pamagat	Matutuhan mo ang…	Bilang ng Oras
Aralin1	Katangiang Pisikal 1. Mga Salik Pangheograpiya ng Asya a. Lokasyon at Pinagmulan ng Asya b. Mga Rehiyon ng Asya c. Anyong lupa at Anyong-tubig ng Asya 2. Klima at *Vegetation Cover* ng Asya a. Klima b. *Vegetation Cover*	1. Naipaliliwanag ang konsepto ng Asya tungo sa paghahating heograpiko: Silangang Asya, Timog-Silangang Asya, Timog Asya, Kanlurang Asya, Hilagang Asya at Hilaga/Sentral Asya. 2. Nailalarawan ang mga katangian ng kapaligirang pisikal sa mga rehiyon ng Asya katulad ng kinaroonan, hugis, sukat, anyo, klima at vegetation cover. 1. 3. Nakapaghahambing ng kalagayan ng kapaligiran sa iba't ibang bahagi ng Asya. 2. 4. Natataya ang mga implikasyon ng kapaligirang pisikal at yamang likas ng mga rehiyon sa pamumuhay ng mga Asyano noon at ngayon sa larangan ng: agrikultura, ekonomiya, panahanan at kultura.	
Aralin 2	Mga Likas na Yaman ng Asya	1. Nailalarawan ang mga yamang likas ng Asya. 2. Natataya ang mga implikasyon ng kapaligirang pisikal at yamang likas ng mga rehiyon sa pamumuhay ng mga Asyano noon at ngayon sa larangan: • Agrikultura • Ekonomiya • Pananahanan • Kultura	

		3. Naipapahayag ang kahalagahan ng pangangalaga sa timbang na kalagayang ekolohikal ng rehiyon.	
Aralin 3	Yamang Tao	1. Napahahalagahan ang yamang - tao ng Asya. 2. Nasusuri ang kaugnayan ng yamang – tao ng mga bansa ng Asya sa pagpapaunlad ng kabuhayan at lipunan sa kasalukuyang panahon batay sa (a) dami ng tao,(b)komposisyon ayon sa gulang (c) inaasahang haba ng buhay,(d) kasarian, (e) bilis ng paglaki ng populasyon, (f) uri ng hanapbuhay, (g) bilang ng may hanapbuhay,(h) kita ng bawat tao,(i) bahagdan ng marunong bumasa , at sumulat at (j) migrasyon. 3. 3. Nailalarawan ang komposisyong etniko ng mga rehiyon sa Asya. 4. 4. Nasusuri ang kaugnayan ng paglinang ng wika sa paghubog ng kultura ng mga Asyano.	

☑ **Concept Map ng Modyul**



Ito ang simpleng *concept map* ng mga araling tatalakayin sa modyul na ito.

ARALIN 1: KATANGIANG PISIKAL NG ASYA



☑ Inaasahang mga Kasanayan

Upang mapagtagumpayan na masagutan ang modyul at malinang nang lubos ang iyong pag-unawa, kinakailangang tandaan at gawin mo ang mga sumusunod:

1. Nakababasa ng mapa.
2. Natutukoy ang mga lokasyon ng mga rehiyon sa Asya.
3. Natataya ang primaryang batayan ng kasaysayan.
4. Nakagagawa ng *concept map* o *semantic web* ukol sa heograpiya ng Asya.
5. Nakapagsusuri ng mga larawan, artikulo at sitwasyon ukol sa mga problemang may kinalaman sa katangiang pisikal ng Asya.
6. Nakapagsasagawa ng iba't ibang pamamamaraan,gawain o proyekto sa pangangalaga at preserbasyon ng pinagkukunang yaman at kapaligiran.
7. Nakasusunod sa mga panuto upang makagawa ng *concept map* gamit ang *web 2.0 applications.*

PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan ng pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong. Pagkatapos ay makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong, I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Mula sa mapa sa ibaba, saang bansa ngayon matatagpuan ang Mesopotamia kung saan umusbong ang unang sibilisasyon?



A. Iran
B. Iraq
C. Lebanon
D. Israel

2. Alin sa sumusunod ang pinakatanyag na produkto ng Kanlurang Asya?
   A. ginto
   B. petrolyo
   C. pagkaing dagat
   D. produktong galing sa kagubatan

3. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa mga pangkat-etnolinggwistiko ng Asya?
   A. Aeta
   B. Bugis
   C. Tamil
   D. Kikuyu

4. Kilalanin ang larawan sa ibaba. Saang bansa ito matatagpuan?
   A. Indonesia
   B. Japan
   C. Myanmar
   D. Philippines

5. Ang larawan sa ibaba ay isang Dravidian. Saan matatagpuan na bansa ang katutubo na ito?
   A. India
   B. Indonesia
   C. Japan
   D. Philippines

6. Ang kultura sa Silangang Asya ay napangingibabawan ng relihiyong Budismo at prinsipiyong Confucianismo. Alin sa mga larawan ang nagpapakita nito?

A.

C.

B.

D.

7. Ang Asya ay napalilibutan ng iba't ibang anyong-tubig tulad ng mga ilog at karagatan. Ano ang implikasyon nito sa kultura ng mga bansang Asyano?
   A. Ang mga sinaunang Asyano ay tumira sa siyudad.
   B. Hindi mainam tigilan o pirmihan ang mga ito dahil delikado sa mga kalamidad.
   C. Nakaimbento ng sasakyang panlupa ang mga sinaunang tao.
   D. Ang mga anyong-tubig ang nagsilbing daan para maging magsasaka, mangingisda at mangangalakal ang sinaunang tao.

8. Batay sa talahanayan sa ibaba, ano ang kabuuang populasyon ng mga bansa sa Asya na kabilang sa sampung bansang may pinakamalaking populasyon sa mundo?
   A. 3,027,000,000
   B. 3,275, 000,000
   C. 3,418, 000,000
   D. 3, 588, 000,000

Bansang May Pinakamalaking Populasyon sa Mundo

Bansa	**Populasyon (*estimate, 2012)***
Tsina	1,343,239,923
India	1,205,073,612
USA	313,847,465
Indonesia	248,645,008
Brazil	199,321,413
Pakistan	190,291,129
Nigeria	170,123,740
Bangladesh	161,083,804
Russia	142,517,670
Japan	127,368,088

Datos mula sa: https://www.cia.gov/library/publications/the-**world-factbook**/

9. Masama ang dulot ng deforestation dito sapagkat nababawasan ang likas na yaman ng kagubatan. Ano ang tawag dito?
   A. erosion
   B. global warming
   C. natural ecosystem
   D. urbanisasyon

10. Ang paglawak ng industriya ay simbolo ng isang maunlad na bansa. Ano ang negatibong epekto ng modernisasyon sa ating kapaligiran?
   A. Ang pagkakaroon ng polusyon sa lupa, tubig at hangin
   B. Ang pagkaubos ng suplay ng mga pangunahing mineral tulad ng natural gas at langis.
   C. Ang pagdagsa ng mga tao sa sentro ng mga industriyalisasyon.
   D. Ang paglikas ng mga taong naapektuhan ng iba't ibang uri ng karahasan sa paligid.

11. Ano ang implikasyon ng kapaligirang pisikal at yamang likas sa pamumuhay ng tao?
   A. Maraming magsasaka ang may maliit na sakahan lamang para sa pansariling ikabubuhay at hindi para sa pangmaramihang produksyon.
   B. Nagiging maunlad ang pangangailangang materyal ng tao sa pagtakbo ng panahon.
   C. Ang paggamit ng teknolohiya upang baguhin ang kakayahan ng lupa upang makakuha ng masaganang biyaya mula sa lupa.
   D. Ang malawak at matabang lupain ay natutugunan nito ang mga pangangailangan ng mga rehiyon at makapagluluwas ng mga produkto sa ibang bansa.

12. Sa kasalukuyan, mga 30 taong gulang ang mga batang Tsino na isinilang noong unang dako ng ika-8 dekada ng nagdaang siglo kung kailan sinimulang isagawa ang mahigpit na one child policy sa Tsina at saka ang kanilang mga magulang ay 55 taong gulang pataas. Ipinapatupad ba sa buong Tsina ang One Child Policy?
    A. Oo, ayon sa batas ng Tsina ito ay sa lahat ng probinsiya nito.
    B. Hindi lahat sapagkat ayon sa batas ay ipapatupad lamang ito sa mga siyudad.
    C. Oo, buong Tsina ay kailangang sumunod para maiwasan ang buwis.
    D. Hindi dahil may karapatan ang bawat tao na magdesisyon kung ilan ang anak nila.

13. Ayon sa estadistika ng Philippine Census, taong 2009, ang tatlong pangunahing dahilan ng pagkamatay sa Pilipinas ay ang mga sumusunod 1) malignant neoplasm (cancer), 2) sakit sa puso at 3) cerebrovascular disease. Ano ang implikasyon ng pahayag na ito?
    A. Laganap ang sakit na kanser sa bansa.
    B. Karamihan ng nagkakasakit sa puso ay mga lalaki lamang.
    C. Ang cerebrovascular disease ay maaaring maiwasan.
    D. Kulang ng impormasyong pangkalusugan ang mga mamamayang Pilipino.

14. Ayon sa World Development Report ng World Bank,1990, ang international poverty line ay nagtatakda ng kung sino ang itinuturing mahirap. Ang sinumang nabubuhay sa US$1 kada araw bilang panggastos ay mahirap. Ang pamumuhay sa isang dolyar lamang sa isang araw ay may implikasyon sa mga sumusunod maliban sa _____.
    A. Sapat na pagkain at wastong nutrisyon
    B. Dami ng gustong anak ng mag-asawa.
    C. Pangsuporta sa edukasyon ng mga anak.
    D. Pambili ng gamot kung magkakasakit.

Basahing mabuti ang artikulo sa ibaba.

Sariwa pa sa isipan ng bawat isa ang katulad ng pananalasa ng bagyong Juan mahigit isang taon na ang nakakalipas. Sino ba naman ang makakalimot sa pagpapalangoy sa baha ng bagyong Ondoy sa kalakhang Maynila at mga kalapit na lalawigan? Dalawang daang katao ang nasawi samantalang daan-daang kabahayan naman ang lumubog sa baha.

Habang nagaganap ang bawat pangyayari, mayroong mga taong nilulubog ang isang paa sa panganib makapaghatid lamang ng sapat na impormasyon. Mga taong ang tanging nasa isipan ay magampanan ang nakaatas na tungkulin. Mga taong kadalasang lapis at papel ang dala-dala. Sila ang siyang nagbibigay linaw sa paparating na delubyo, ang mga mamamahayag.

Sila ang nagbibigay ng malinaw na impormasyon sa buong sambayanan sa oras na nagkakaroon ng kalamidad. Sila ang naghahatid sa bawat isa ng mga salita ng pamahalaan. Mga mamamahayag din ang nagbibigay ng ilang mga payong gagawin sa oras na maipit sa pananalasa ng kalamidad. Sa tulong ng ilang ahensya ng pamahalaan, malaking bagay ang kanilang nagagampanan.

Subalit isa lamang ang mga bagyong ito na elemento ng masamang pagbabago-bago ng takbo ng klima't panahon. Ilan lamang ito sa mga gumuhit ng kasaysayan sa puso't isipan ng bawat mamamayan at nagbingit ng kapahamakan sa buhay ng mga mamamahayag. Delubyong maaaring marami pa ang darating at mananalasa sa bansang Pilipinas. Sa mga pagkakataong ito, handa na nga ba ang bayan ni Juan?

_____
Posted by sfrspcstarosa2010@gmail.com at 11:08 PM
Email ThisBlogThis!Share to TwitterShare to Facebook

15. Bilang isang mag-aaral, paano ka makatutulong sa mga biktima ng kalamidad tulad ng bagyo?
    A. Magbigay ng donasyon tulad ng damit, *groceries* at anumang gamit na makakatulong sa mga biktima.
    B. Manood ng telebisyon nang buong araw.
    C. Magbasa ng mga pahayagan upang malaman ang nangyayari sa bawat lugar.
    D. Ipagsawalang bahala ang nangyari sa mga biktima.

Basahing mabuti ang artikulo sa ibaba tungkol sa global warming.

Ang napakahabang tag-init nitong nakaraang limang buwan at ang matinding alinsangan sa gabi—kahit nitong Hunyo, na tradisyunal na simula ng panahon ng tag-ulan—ay itinuturing ng karaniwang tao na karaniwan at di dapat pansining pagbabago ng panahon.

Pero sa mga siyentipiko, ang mga "pagbabago" na ito sa klima ay babala ng isang malaking kalamidad na may saklaw na pandaigdig at hindi dapat ipagwalambahala. Hindi ito isang *phenomenon* o kababalaghan, ito ay isang krisis, nagdudumilat na katotohanan na ang mundo ay nahaharap sa isang krisis na tinatawag na "GLOBAL WARMING!"

Ayon sa mga *scientist,* ang matinding init na bumabalot ngayon sa mundo ay likha ng pagbuga ng "greenhouse gases"—partikular ay *carbon dioxide* o CO2, *methane* at *nitrous oxide*. Ang *greenhouse gases* na ito ay nagmumula naman sa usok*, pollutant coal* (karbon o uling), na ginagamit sa mga planta at pabrika ng mga industriyalisadong bansa, tulad ng Estados Unidos, Tsina, Germany, Russia at iba pa. idagdag pa riyan ang milyun-milyong sasakyang de motor na gumagamit ng gasolina. Ayon sa mga siyentipiko, dahil sa pagkaipon ng *greenhouse gases* na ito sa atmosphere o kalawakan ng mundo, ang enerhiya mula sa sikat ng araw ay hindi makapaitaas sa *outer space* o rurok ng kalawakan—kaya naiipon sa ibabaw ng mundo ang init. Ayon sa pananaliksik na pang-agham, taun-taon ay nararagdagan ng 0.6 degrees *Celsius* ang init sa ibabaw ng daigdig.

_____

(Mula sa Artikulo ni Bienvenido Santos na Global Warming:Kababalaghan o Katotohanan?

16. Bilang isang mamimili, ano ang pinakamainam na gawin upang mabawasan ang *greenhouse gases*?
    A. Bumili at gumamit lagi ng mga supot na yari sa plastik.
    B. Gumamit ng bayong tuwing mamamalengke.
    C. Gumamit ng kotseng nagbubuga ng itim na itim na usok.
    D. Magsunog ng mga gulong ng sasakyan upang mabawasan ang basura.

17. Ang kanlurang Asya ay binubuo ng mga lupaing mayaman sa langis. Bilang isang negosyante sa Saudi Arabia, nais mong mahikayat ang mga namumuhunan mula sa ibang bansa na makipagkalakalan sa iyong kompanya. Alin sa mga sumusunod ang hindi makatutulong rito?
    A. Mas mababang presyo ng pangunahing produkto ng bansa
    B. Mababang buwis sa mga produktong pangalakal.
    C. Malayang kalakalan
    D. Istriktong taripa at kota.

18. Ang India ay isa sa mga bansang malaki ang agwat sa pagitan ng mga mayayaman at mahihirap. Bilang isang tagapayo ng punong ministro, ano ang iyong maimumungkahi upang masolusyunan ang nasabing suliranin?
    A. Maaaring lakihan ang buwis na ipapataw sa mga mayayaman upang magamit para sa pampublikong serbisyo para sa mga mahirap.
    B. Gawing sapilitan ang pagpaplano ng pamilya ng mga mahihirap na tao yaman din lamang hindi nila kayang suportahan ang mga anak.
    C. Gawing sapilitan ang pagpaplano ng pamilya ng mga mayayaman upang hindi mabawasan ang kanilang bilang sa bansa.
    D. Bigyan ng sapat na kalinga ang mga mahihirap kung sila ay mag-aanak nang higit na marami upang lumaki ang *labor force*.

19. Sa kasalukuyan, malaking isyu ang pagkontrol sa lumulobong populasyon ng Pilipinas.Bilang isang tagapayo ng pangulo ng bansa ukol sa populasyon, ang layunin ng iyong panukala ay bigyan ng sapat na kaalaman ang mga tao ukol sa responsableng pagpapamilya. Alin sa mga sumusunod na krayterya ang mahalaga sa pagtataya ng iyong panukala upang maaprubahan ng pangulo at maipatupad ng pamahalaan?
    A. Kapakinabangan, limitadong gastusin sa pagpapatupad, pagsasa-alang-alang sa kapakanan ng iba't ibang sektor ng bansa, pagiging epektibo
    B. Dating o "impact" sa mga mamamayan, limitadong gastusin sa pagpapatupad, pagiging epektibo, pagiging popular na desisyon
    C. Kapakinabangan, dating o *"impact"* sa mga mamamayan, pagiging epektibo, popular na kampanya
    D. Sang-ayon sa personal na kagustuhan ng pangulo, limitadong gastusin sa pagpapatupad, madaling ipatupad, kapaki-pakinabang sa mga kabataan

20. Ang Asya ay napalilibutan ng iba't ibang anyong-tubig tulad ng mga ilog at karagatan. Bilang isang NGO volunteer, paano ka makatutulong sa pangangalaga nito?
    A. Magpaskil ng slogan na "Huwag Magtapon ng Basura Dito".
    B. Maglunsad ng *Fun Run* para makalikom ng pondo para sa paglilinis ng mga anyong tubig.
    C. Hayaang manirahan ang mga tao sa mga pampang at daluyan ng tubig.
    D. Magmungkahi ng pagpapatayo ng mga tulay na magdurugtong sa mga anyong-tubig .

PAGTUKLAS

Ang Asya ay kilala na mayaman sa yamang likas at yamang tao. Sa araling ito ay aalamin nating ang kung paano nakakaapekto ang katangiang pisikal sa paghubog at pag-unlad ng kabihasang Asyano. Umpisahan natin ang aralin na ito sa pamamagitan ng pagsagot sa IRF Worksheet.

GAWAIN 1 Alamin Natin!

Alamin muna natin ang iyong mga nalalaman tungkol sa katangiang pisikal ng Asya sa pamamagitan ng pagsagot sa *Initial Answer* na matatagpuan sa *IRF Worksheet* sa ibaba at kung tapos na ay i-klik ang *submit button*.

IRF WORKSHEET

Initial Answer
Revised Answer
Final Answer

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang alam mo tungkol sa Asya?

2. Paano nga ba nagsimula ang kabihasnang Asyano? Ipaliwanag.

3. Bilang isang Asyano, bakit mahalaga na malaman mo ang mga impormasyon tungkol sa Asya?

4. Mula sa iyong nalalaman, paano mo ipakikilala ang Asya sa ibang tao? Ipaliwanag.

5. Paano nakaapekto ang heograpiya sa buhay ng mga Asyano?

6. Paano nabuo at umunlad ang kabihasnang Asyano?

GAWAIN 2 3-2-1 Chart

Mula sa iyong mga naibigay na kaalaman ay simulan nating tuklasin ang ganda ng Asya sa pamamagitan ng panonood ng *video.* I-klik ang sumusunod na mga link:

http://www.youtube.com/watch?v=MpnbprgsbYc (Top 10 Tourist Destination in Asia)

http://www.youtube.com/watch?v=ZyLWVFIrb0Y (Richest Countries in Asia

Pagkatapos nito ay sagutan ang 3-2-1 Chart sa ibaba.

3 Bagay na nalaman batay sa napanood sa *video*

1.
2.
3.

2 Kawili-wiling bagay na napulot sa napanood na *video*

1.
2.

1 Katanungan mula sa napanood

1.

GAWAIN 3 Ibigay ang Kahulugan

Ipagpatuloy natin ang ating pag-aaral sa pamamagitan ng pag-alam sa kahulugan ng heograpiya at kultura upang malaman ang lawak o sakop ng konseptong ito. I-*type* ang *WORDLE* sa *internet* at pagkatapos ay isa-isang i-*type* ang mga salitang *geography* at *culture* upang malaman ang kahulugan nito. Pagkatapos ay kopyahin ang nasaliksik na ito sa *dashboard* ng modyul at sagutan ang mga tanong sa ibaba.

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang kahulugan ng heograpiya at kultura? Isalin ito sa wikang Filipino.

2. Ano-ano ang pinag-aaralan at pinagtutuunang pansin ng heograpiya? Ipaliwanag.

3. Ano ang ugnayan ng heograpiya sa kultura? Ipaliwanag.

4. Paano nakaapekto ang heograpiya sa buhay ng mga Asyano?

5. Paano nabuo at umunlad ang kabihasnang Asyano?

Katapusang Bahagi ng Pagtuklas

Nabanggit mo na ang iyong mga nalalaman tungkol sa Asya at nalaman ang kahulugan ng heograpiya kasabay ng kinalaman nito sa ating aralin. Sa ating pagpapatuloy ay maikukumpara mo kung wasto ang iyong mga kaisipan o kaalaman at masasagot ang iyong mga natitira pang katanungan. Iyong aalamin ang mga katangiang pisikal ng Asya at ang mga katatangi-tanging anyong-lupa at anyong-tubig sa mga bansang Asyano upang lalo mong maunawaan ang heograpiya ng kontinente. Mula sa iyong kaalaman ay gagawa ka ng isang poster-slogan bilang halimbawa ng isang *multimedia campaign* na siyang pangwakas na proyekto sa modyul na ito. Ito ay naglalayong ipagmalaki ang Asya sa buong mundo at manghikayat ng mga turista upang tuklasin ang ganda at hiwaga ng kontinente.

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ang layunin mo sa bahaging ito ng modyul ay matutuhan at maunawaan ang mga pangunahing konsepto sa pinagmulan at katangiang pisikal ng Asya na nagiging dahilan ng mapanghalina nitong ganda sa mga turista. Ito rin ang dahilan ng iba't ibang uri ng pamumuhay ng mga taong naninirahan dito. Tutuklasin din natin ang iba't ibang *vegetation cover* ng Asya sa iba't iba nitong mga rehiyon. Samakatuwid ay mapapatunayan mo ang lawak ng pinag-aaralan ng heograpiya batay sa nakaraang bahagi ng araling ito.

GAWAIN 4 Ang Pinagmulan

I-klik ang URL link sa ibaba upang malaman ang mga impormasyon sa pinagmulan ng kontinenteng Asyano at mga taong naninirahan dito. Pagkatapos ay sagutan ang mga gabay na tanong sa ibaba.

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A0S00xgCXmJRyVgAyyHeRwx.;_ylu=X3oDMTBrc3VyamVwBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQD?p=Origin+of+Asian+Continent&vid=8bfd4fbf870ec0ec982d29cb9395ac6f&l=&turl=http%3A%2F%2Fts1.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4581644425756800%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DMBk63vtpwhQ&tit=Lost+Continent+of+Mu&c=1&sigr=11alovka4&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b
video na naglalaman ng impormasyon ukol sa kontinenteng Mu / Lemuria, maunlad na kontinente sa Asya at pinagmulan ng lahi ng tao sa Asya

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A0S00xoBXWJR9UUAPDveRwx.;_ylu=X3oDMTBrc3VyamVwBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQD?p=Origin+of+Asia&vid=f09ac6208e7590bd1f3241c50f4c0713&l=8%3A36&turl=http%3A%2F%2Fts2.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4667178724295285%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DBpC1P6me5Ko&tit=The+Difference+Of+Asian+Origins+Part+1+Sino-Tibetans+%28Han-

Chinese+...&c=27&sigr=11a6fakoj&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b video ng pinagmulan ng lahing Sino Tibetan

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang kontinenteng Mu/Lemuria?

2. Paano ito nabuo at saan ito matatagpuan?

3. Sino-sino ang mga nanirahan dito at ilarawan ang kanilang pamayanan?

4. Paano nabuhay ang mga sinaunang tao sa Asya?

5. Mula sa iyong napanood, ang Asya ba ay may sarili at maunlad na sibilisasyon kumpara sa iba noon? Ipaliwanag.

Nagkaroon ka ng ilang mga ideya o impormasyon sa pinagmulan ng Asya at sa mga unang taong tumira sa Asya at kung paano sila nabuhay. Ngayon ay ipagpatuloy nating palawakin ang nalalaman mo sa heograpiya ng Asya lalo na sa katangiang pisikal nito.

GAWAIN 5 Maghanap Tayo

Alamin natin ang katangiang pisikal ng Asya at ang epekto nito sa kabuhayan ng mga tao sa pamamagitan ng pananaliksik gamit ang mga *website* sa ibaba. Hahatiin ang klase sa *triad* upang magsaliksik ng mga impormasyon sa katangiang pisikal ng Asya. Pagkatapos mapanood ang mga *video-clip* at mabasa ang mga impormasyon kasama ng iyong mga kagrupo, punan ang *Data Retrieval Chart* sa ibaba gamit ang *googledoc* at sagutan ang mga pamprosesong tanong. Sundin ang mga sumusunod na hakbang:

a. Gumawa ng *Google account* at ibigay ang *address* na ito sa lider ng grupo.
b. I-*upload* ng lider ang dokumento na naglalaman ng nagawang *Data Retrieval Chart* at mga pamprosesong tanong at i-*share* ito sa mga ka-miyembro.
c. Ang bawat miyembro ay malayang ilagay ang kanyang sagot na makikita ng iba upang iwasto ito o hindi.
d. Pagkatapos makumpleto ang *chart*, i-*upload* ito sa *dashboard* ng modyul.

Gamitin ang mga sumusunod na link o sanggunian upang makumpleto ang chart:
http://www.infoplease.com/atlas/asia.html almanac of Asia

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A0S00xhzX2JRH2EAlZfeRwx.;_ylu=X3oDMTBrc3VyamVwBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQD?p=Geography+of+Asia&vid=e85a6ba43fa383b540ea099072479ee3&l=4%3A12&turl=http%3A%2F%2Fts1.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4995348548682128%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DRUNZkTA3j3s&tit=Geography+of+Asia&c=1&sigr=11ahl5clk&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b video sa heograpiya ng Asya

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A0S00xhzX2JRH2EAlJfeRwx.;_ylu=X3oDMTBrc3VyamVwBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQD?p=Geography+of+Asia&vid=6b9acd1586fc540bad7d510d36822cea&l=5%3A33&turl=http%3A%2F%2Fts4.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4569159003472399%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3Dx-LFOkGfyZM&tit=World+Geography+-+The+Geography+of+Asia+and+the+Pacific&c=0&sigr=11au67tio&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b
video sa heograpiya ng Asya

http://education.nationalgeographic.com/education/encyclopedia/asia-human/?ar_a=1&ar_r=3
human geography of Asia

http://education.nationalgeographic.com/education/encyclopedia/asia-resources/?ar_a=1&ar_r=3
resources of Asia and economy

http://education.nationalgeographic.com/education/encyclopedia/asia-human/?ar_a=1 physical geography of Asia

http://www.p12.nysed.gov/ciai/socst/grade3/geograph.html naglalaman ng mga impormasyon ukol sa relasyon ng kultura at heograpiya

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A0S00xhzX2JRH2EAoJfeRwx.;_ylu=X3oDMTBrc3VyamVwBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQD?p=Geography+of+Asia&vid=4248301f717532fa7c7e2f97cdec3947&l=15%3A02&turl=http%3A%2F%2Fts1.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4731246762000620%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DD7qvqQKYMt4&tit=Asia+Physical+Geography&c=12&sigr=11agm2l88&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b video na naglalaman ng mga impormasyon sa katangiang pisikal ng Asya

http://www.scribd.com/doc/34999578/Asia-Vegetation ukol sa mga vegetation cover ng Asya

A.Konsepto ng Asya

Kinaroroonan	Hugis at Sukat	Hangganan	Mga Katawagan sa Asya
Ang aking natutuhan sa konsepto ng Asya ay…			

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Ibigay ang mga kontinente sa daigdig? Pang-ilan ang Asya?

2. Saan nagmula ang Asya at ano ang dahilan ng iba't iba nitong katawagan?

3. Gaano kalaki ang Asya? Ibigay ang mga hangganan nito sa primaryang direksiyon?

4. Bakit mahalaga na pag-aralan ang Asya?

B.Katangiang Pisikal ng Asya

Mga Rehiyon	Mga Bansa	Klima	Anyong - lupa	Anyong-tubig	Kabuhayan
1.					
2.					
3.					
4.					
5.					
Ang aking natutuhan ukol sa katangiang pisikal ng Asya ay…					

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano-ano ang mga katangiang pisikal na matatagpuan sa Asya? Saang rehiyong ito matatagpuan?

2. Bakit mahalaga ang paghahati ng Asya sa bawat rehiyon?

3. Ano-ano ang mga uri ng pamumuhay ng mga tao sa bawat rehiyon?

4. Ano ang kaugnayan ng lokasyon at likas na yaman sa kabuhayan ng mga tao? Ipaliwanag.

5. Ano ang kaugnayan ng lokasyon,klima at *vegetation cover* sa kultura ng tao sa mga sumusunod na larangan?

   a. pananamit
   b. pamumuhay
   c. pagkain
   d. uri ng bahay

6. Paano nakaapekto ang heograpiya sa buhay ng mga Asyano?

Natuklasan mo ang mga katangiang pisikal ng Asya at kung paano ito nakatulong sa pag-usbong ng isang sibilisasyon at sa pag-unlad nito. Ngayon ay ating subukan kung gaano kalawak ang iyong kaalaman mula sa iyong pananaliksik.

GAWAIN 6 Dialectical Journal

Gamit ang iyong mga kaalaman sa heograpiya ng Asya, ilagay sa kaliwang kolum ng dyornal ang mga impormasyon o konseptong pumukaw ng iyong damdamin. At sa bandang kanan, ilagay naman ang kahalagahan ng mga impormasyon o konsepto sa pag-unlad ng kabihasnan ng mga Asyano.

IMPORMASYON/KONSEPTO	KAHALAGAHAN

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Bakit mahalaga ang mga katangiang pisikal ng Asya sa pag-unlad ng pamumuhay ng tao?

2. Paano binago ng tao ang kanyang kapaligiran upang umayon sa kanyang pangangailangan? Ipaliwanag.

Sa ating pagpapatuloy ay alamin natin ang mga isyung kinakaharap ng mga Asyano sa pangkasalukuyan na may ugnayan sa mga katangiang pisikal.

GAWAIN 7 Problem-Solution Matrix

I-klik ang mga link na nasa ibaba upang makakalap ng impormasyon sa mga isyung kinakaharap ng mga bansang Asyano.

http://www.pinoybalita.info/international-news naglalaman ng mga pangunahing isyu sa Syria at North Korea

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A0S00xgMXGJRQmcASVHeRwx.;_ylu=X3oDMTBrc3VyamVwBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQD?p=Global+Warming&vid=6a599383dc9a59773383335833b95865&l=&turl=http%3A%2F%2Fts4.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4571658646257715%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fon.aol.com%2Fvideo%2Fwhat-is-global-warming-38356558&tit=What+Is+Global+Warming&c=3&sigr=11n9ilh0c&fr=yfp-t-711-s&tt=b video sa global warming

http://kyotoprotocol.com/ naglalaman ng mga impormasyon sa Kyoto Protocol na kasama ang Asya

Pagkatapos mabasa ang teksto at mapanood ang *video clip*, sagutan ang *Problem-Solution Matrix*

Mga Tanong	Sagot
Ano ang suliranin?	
Ano-ano ang mga epekto?	
Ano-ano ang mga sanhi?	
Ano-ano ang mga solusyon?	

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano-ano ang mga bagong impormasyon na iyong nabasa?

2. Saan nangyari ang mga pangkasalukuyang isyu?

3. Paano nakaapekto sa mga Asyano ang mga isyu sa North Korea at Syria?

4. Bakit mahalaga ang kamalayan ng bawat Asyano sa *climate change*? Ipaliwanag.

5. Bilang isang Asyano, paano makatutulong ang iyong kaalaman sa heograpiya upang mapanatili ang kaayusan sa Asya? Ipaliwanag.

6. Paano nakaapekto ang heograpiya sa buhay ng mga Asyano?

Natuklasan mo na ang heograpiya ng Asya, atin namang alamin kung paano nakakaapekto ang *map projection* sa pagtukoy sa katangiang pisikal ng Asya.

.

GAWAIN 8 Pagsusuri ng Mapa

Makikita sa ibaba ang iba't ibang *projection* ng mapa . Ngayon ay susuriin natin ang iyong kakayahan sa pagbasa ng mapa sa pamamagitan ng pag-alam at pagkilala natin sa dalawang halimbawa ng *Map Projection*. Tingnang mabuti ang dalawang mapa at alamin ang pagkakatulad at pagkakaiba sa pamamagitan ng pagsagot sa Venn Diagram sa ibaba.

Mercator Projection



Conical Projection

Venn Diagram



Para sa karadagang kaalaman o impormasyon maaari ring i-klik ang website na ito:
http://www.enchantedlearning.com/geography/glossary/projections.shtml
naglalaman ng mga impormasyon sa iba't ibang uri ng map projection
http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKiHLjNlpR8BIABdy1Rwx.?p=examples+of+Mollweide+projection&fr=yfp- ukol sa ibat ibang halimbawa ng Mollweide Projection

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang *map projection*? Ano-ano ang mga halimbawa ng *map projection*?

2. Ano-ano ang iba't ibang uri ng mapa at *map projection*?

3. Sa dalawang *projection*, saan mas malaki ang sukat ng Asya? Bakit?

4. Paano nakaapekto ang *map projection* sa mga mangangalakal at mananakop noong unang panahon? Ipaliwanag.

5. Sa paggamit ng mapa ng mga mangangalakal at mananakop, paano sila nakatulong sa pagbuo at pag-unlad ng kabihasnang Asyano?

6. Paano nakaapekto ang heograpiya sa buhay ng mga Asyano?

Nalaman mo na ang mga katangiang pisikal ng Asya at kung paano ito nakakaapekto sa pag-unlad ng kabihasnan ng mga Asyano. Sa susunod na gawain ay lalawak ang iyong kaalaman sa ugnayan ng heograpiya sa kultura ng mga Asyano.

GAWAIN 9 Lifestyle Mo Ba Ito?

Suriin ang mga larawan sa ibaba. Mula sa mga larawang ito ay bumuo ka ng maikling sanaysay na naglalaman sa mga pagbabago sa kultura ng tao. Isulat sa nakalaang kahon ang sanaysay.



http://sweetandstrong5.blogspot.com/

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang nakikita mo sa mga larawan? Ilarawan ito.

2. Ano-ano ang mga pagbabagong naganap sa pamumuhay ng tao batay sa larawan?

3. Bakit nagkaroon ng pagbabago sa buhay ng mga Asyano? Ipaliwanag.

4. Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon, saan mo gustong mabuhay noon o ngayon? Bakit?

GAWAIN 10 Magbasa tayo!

Ngayon ay ating palawakin ang iyong kaalaman sa cultural geography sa pamamagitan ng pagbasa sa nilalaman ng *website* sa ibaba. I-klik ang link sa ibaba:

http://www.p12.nysed.gov/ciai/socst/grade3/geograph.html naglalaman ng mga impormasyon sa *cultural geography*

Pagkatapos, sagutan ang mga pamprosesong tanong na inihanda.

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang *cultural geography*?

2. Bakit nagbabago ang kultura ng isang tao? Ipaliwanag.

3. Sa paanong paraan nagkakaiba ang kultura noon at ngayon? Ipaiiwanag.

4. Paano nakaapekto ang heograpiya sa buhay ng mga Asyano?

Upang higit na mapalalim ang iyong kaalaman sa aralin, basahin ang impormasyon sa ibaba.

Basahin ang teksto sa ibaba.

Teksto 1

Ang paghahating heograpikal ng Asya ay may dalawang pananaw: ayon sa pananaw ng mga Europeo at pananaw ng mga Asyano.Mula sa pananaw ng mga Europeo tulad ng mg Griyego at Romano, ay hinati nila ang Asya sa tatlo: ang Near East, Middle East at Far East. Near East o Malapit na Silangan ay ibinatay sa distansiya ng Asya sa Europa. Ang Middle East o Gitnang Silangan ay mga lupaing umaabot sa Mediterranen Sea at Hilagang Egypt. Far East o Malayong Silangan ay tumutukoy sa mga lupaing nasa Dagat Pasipiko.

Samantala, ayon naman sa pananaw ng mga Asyano ay may limang rehiyon ang Asya: Timog Asya, Hilagang Asya, Silangang Asya,Timog-Silangang Asya at Kanlurang Asya. Bilang Asyano ay gagamitin natin ang ating pananaw sa aralin ito.

GAWAIN 11 Alam Mo Ba Ito?

Nalaman mo sa katatapos na gawain ang katangiang pisikal sa bawat rehiyon. Ngayon ay ating alamin kung kaya mong kilalanin kung anong uri ng anyong-tubig at anyong-lupa ang mga larawan sa ibaba. Isulat ang uri nito sa kahon at pagkatapos ay gumawa ng Concept Map gamit ang GLIFFY sa internet na nagpapakita sa ibat ibang uri ng anyong-lupa at anyong-tubig sa bawat rehiyon o tiyak nitong lokasyon at ang epekto nito sa pamumuhay ng mga tao. Kopyahin ang iyong nagawa sa *dashboard* ng modyul na ito at pindutin ang submit.

RUSSIA
CHINA
INDIA
INDONESIA

TURKEY
ARMENIA
Euphrates
Tigris
IRAN
SYRIA
IRAQ
JORDAN

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang nakikita mo sa mga larawan?

2. Sa iyong palagay saang bansa ito matatagpuan?

3. Paano naaapektuhan ang pamumuhay ng mga tao sa isang lugar batay sa mga anyong-lupa at anyong-tubig na matatagpuan dito?

4. Bakit mahalaga ang mga anyong lupa at anyong tubig sa isang bansa?

5. Paano ito nakaaapekto sa tao? Ipaliwanag?

6. Paano nakaapekto ang heograpiya sa buhay ng mga Asyano?

GAWAIN 12 Paano Nga Ba?

Nalaman mo na ang mga mahahalagang impormasyon tungkol sa konsepto ng Asya at katangiang pisikal nito. Ngayon ay tunghayan at suriin natin ang mga larawan upang matanto ang halaga ng mga ilog sa pagkakabuo ng sibilisasyon. Pangkatin ang klase sa tatlong grupo upang talakayin ang bawat paksa gamit ang mga gabay na tanong. Pagkatapos nito ay gumawa ng *mind map* na nagpapakita sa halaga ng ilog at epekto nito sa pamumuhay ng tao at ilagay ito sa *dashboard*.

TIGRIS AT EUPHRATES	HUANG HO	INDUS

Pinagkunan:http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKmKbFTL1QVzMAvnWzRwx.?p=tigris+and+euphrates&fr=yfp-t-711-s&fr2=piv-web Mga larawan ng ilog sa Asya

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Bakit tinawag ang Asya na “Lundayan ng Sibilisasyon”?

2. Saang bansa umusbong ang mga sibilisasyon sa Asya?

3. Bakit sa lambak-ilog unang nanirahan ang mga sinaunang tao? Ipaliwanag.

4. Ano-ano ang mga kulturang nabuo ng mga sinaunang tao?

5. Paano nabuo ang kultura ng sinaunang tao?

6. Paano nakaapekto ang heograpiya sa buhay ng mga Asyano?

7. Paano nabuo at umunlad ang kabihasnang Asyano?

Ang Halaga at Epekto ng Ilog

GAWAIN 13 **Gawa tayo!**

Mula sa mga natalakay at iyong nasaliksik na impormasyon, ngayon ay handa ka ng gumawa ng *profile* pang-heograpiya ng Asya.

PROFILE PANG-HEOGRAPIYA NG ASYA

PAALALA: Anumang katanungan, ideya o opinyon na gusto ng mag-aaral na iparating sa guro ay ipadala ito sa e-mail address o punan ang COMMENT BOX sa ibaba kung saan makikita rin ang sagot ng guro.

GAWAIN 14 Magsanay Tayo!

Napalawak na natin ang iyong kaalaman sa heograpiya ng Asya kung kaya't ating subukan ang iyong pang-unawa sa aralin sa pamamagitan ng isang *interactive geoquiz*. I-klik ang mga link na nasa ibaba:

http://www.yourchildlearns.com/asia_map.htm *interactive game* ukol sa mga bansa ng Asya

http://www.ilike2learn.com/ilike2learn/asia3.html *interactive game* ukol sa kabisera ng mga Asyanong bansa

Pagkatapos ay balikan natin ang IRF Worksheet at sagutan ang REVISED ANSWER na bahagi.

IRF WORKSHEET

Initial Answer
Revised Answer
Final Answer

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. May nagbago ba sa iyong pananaw sa Asya? Ano ito?

2. Ano ang mahalagang natutuhan mo sa bahaging ito ng aralin? Ipaliwanag.

3. Bilang isang Asyano, masaya ka ba sa iyong natuklasan? Bakit?

4. Paano nakaapekto ang heograpiya sa buhay ng mga Asyano?

5. Paano nabuo at umunlad ang kabihasnang Asyano?

Katapusang Bahagi ng Paglinang

Sa bahaging ito ay nalaman mo na ang konsepto at katangiang pisikal ng Asya tulad ng lokasyon, hangganan,klima at *vegetation cover*. Nalinawan ka na rin kung alin ang tama sa mga konseptong una mong nabanggit. Naisip mo na ba kung alin ang mali at ang dahilan nito?

Ngayon na alam mo na ang mga pangunahing konsepto tungkol sa aralin na ito, samahan mo akong palalimin pa ang iyong mga nalalaman tungkol sa pinakamalaking kontinente sa buong mundo, ang ASYA. Magpatuloy Tayo!

PAGPAPALALIM

Ang layunin mo sa bahaging ito ng modyul ay magkaroon ng kritikal na pagsusuri sa mga mahahalagang aspekto sa katangiang pisikal ng Asya na nakakaapekto sa mga tao na nakatira sa isang pamayanan. Matutunghayan mo ang mga kinakaharap na isyu ng Asya patungkol sa katangiang pisikal nito tulad ng hangganan at ang pagbabago ng klima na siyang pangunahing problema hindi lamang ng mga Asyano kundi ng mga tao sa buong mundo.

GAWAIN 15 Manood Tayo!

Nalaman mo na ang halaga ng mga ilog sa pagkakabuo ng sibilisasyong Asyano. Ngayon ay ating palalimin ang iyong pang-unawa sa iba't ibang pagbabago na nagaganap sa buhay at kultura ng tao sa pamamagitan ng *video clip*. Balikan ang mga kamiyembro sa *triad* sa nakalipas na aralin upang makasama sa pagsagot sa mga tanong gamit ang *googledoc*, kung kumpleto na ang sagot ay kopyahin ito sa *dashboard* ng modyul at isumite.Gamitin ang *website* sa ibaba.

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A0S00xr9PtFQiTMAG37eRwx.;_ylu=X3oDMTBrc3VyamVwBHNlYwNzcgRzb youtube video ng Heograpiya ng Asya
http://www.youtube.com/watch?v=FP531_EkIOY ukol sa pagkakaiba ng kultura ng Silangan at Kanluran

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang mga nakita mo sa *video clip*?

2. Kaya mo bang mabuhay ng simple tulad noong sinaunang panahon? Oo o hindi? Ipaliwanag.

3. Bakit parami nang parami ang bilang ng tao sa Asya?

4. Ano-anong pagbabago ang naganap sa buhay ng tao mula sa paninirahan sa lambak-ilog patungo sa kapatagan?

5. Paano nakapekto ang heograpiya sa buhay ng mga Asyano?

6. Paano nabuo at umunlad ang kabihasnang Asyano?

Pagkatapos masagot ng mga magkakagrupo ang mga tanong at maisumite ay mag-isang sagutan mo ang *Reflective Journal* sa ibaba.

Reflective Journal		
Anong mga nangyari?	Ano ang nararamdaman ko tungkol dito?	Ano ang natutuhan ko?

Natuklasan mo na ang mga pagbabago sa pag-unlad ng buhay ng tao gamit ang mga katangiang pisikal. Basahin mong mabuti ang mga artikulo ukol sa mga isyu ng Asya na kaalinsabay sa pag-unlad ng tao. Pagkatapos, sagutan ang *Compare-Contrast Diagram* at kung tapos na ay isumite na ito.

.

Basahin ang teksto sa ibaba.

Kalikasan.
By Deanice, Aug 2010

Teksto 2

Walang makapagsasabi kung kailan nagsimulang mawasak ng unti-unti ang kapaligiran. Maaari nating sabihin na nagsimula ang pagkawasak na ito simula nang magkaroon ang tao ng kamalayan na may problema sa *ecosystem* nang may marami nang namamatay at nasasalanta (hindi dahil sa kalamidad kundi dahil sa kagagawan ng tao.) Ngunit sa wari ko, bago pa malaman ng tao na nasisira na ang kapaligiran at ang ating likas na yaman, ito ay unti-unti nang nasisira.

Ngunit ang matinding pagkasira ng mga bahagi ng kapaligiran ay nangyari nito
lamang ika-20 siglo. Ito ang panahon kung saan maraming imbensyong imbes na makatulong sa tao at sa kabuuan ng sandaigdigan ay nakapipinsala pa ng kapaligiran. Bagamat hindi natin sinasabi na ang karamihan ng mga imbensyon ng tao ay mapangwasak (sapagkat marami rin ang nakatutulong), karamihan sa mga ito ay karumal-dumal, gaya ng pag-imbento ng mga bombang nukleyar at iba pang armas-pandigma. Ang mga imbensyong pamuksa na ito ay bunsod ng taimtim nilang pagkilala sa pribadong pag-aari upang magkamal pa ng malaking tubo. Bakit at paano? Para sa mga kapitalistang bansa na halos sakupin na ang buong mundo (nangyayari na ito, lalo na ngayong panahon ng globalisasyon), hindi na baleng mamatay ang kanilang kapwa basta't malaki ang kanilang tutubuin at kikilalanin ang kapangyarihan ng kanilang bansa. Ang mga *nuclear weapon* ay maaari nilang gamiting panakot sa negosasyon at pananggalang sa sariling interes. Kung tutuusin, ang mga *nuclear weapon* na ito ay basura kung ituring ng mga mapagmahal at mapag-alaga sa kalikasan at kapaligiran. Ganyan katindi ang sistema ng pribadong pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon o kapitalistang sistema. Alalahanin sana natin ang *Three Mile Islands accident* at ang *Chrenobyl incident* noong 1986 kung saan nagkaroon ng *leak* ang mga *nuclear facilities* ng Russia at milyong tao ang naapektuhan.

_____
Pinagkunan: http://www.studymode.com/profile/deanice/

Basahin ang teksto sa ibaba.

Scarborough shoal issue reaches UN
Saturday, May 5, 2012

Teksto 3

FOREIGN Affairs Secretary Albert del Rosario met with United Nations Secretary-General Ban Ki-moon to advance the Philippines' commitment to settle the recent territorial disputes in the West Philippine Sea through a rules-based approach based on international laws.

In a meeting at the United Nations headquarters in New York City, both officials agreed on the importance of peaceful settlement of disputes and mediation.

Del Rosario reiterated the Philippine government's commitment to finding a peaceful solution on the dispute based on the United Nations Charter on the United Nations Convention on the Law of the Sea (UNCLOS) and on applicable international laws.

"We believe that the unfolding events are of great interest to all nations, as they have a stake in the peace and stability of this economically and politically strategic area," he said.

The Philippine government has continuously decried the allegedly Chinese intrusions in its territorial waters over the past year.

The latest row in the Panatag Shoal, which sits just 124 nautical miles away from Zambales province and is within the country's 200-nautical mile Exclusive Economic Zone (EEZ) and continental shelf, started when Philippine forces boarded eight Chinese fishing vessels to confiscate illegally caught marine species.

Two Chinese surveillance ships immediately arrived and put themselves between the BRP Gregorio del Pilar, Manila's largest warship, and the Chinese fishing vessels.
The Philippines see this as an incursion into its territory since the Panatag Shoal sits about 500 nautical miles from China.

Beijing and Manila has overlapping claims over the contested waters in the West Philippine Sea, which includes the Spratly and Paracel Islands, as well as the Panatag Shoal.

China maintains its claim on the whole sea while the Philippines, Taiwan, Malaysia, Vietnam and Brunei Darussalam have claims on parts on potentially resource-rich Spratly Islands.

In the meeting, Ban highlighted the importance of instruments on the peaceful settlement of disputes.

The Philippines has led efforts in the United Nations to mark the 30th anniversary of the adoption of the 1982 Manila Declaration on the Peaceful Settlement of Disputes this year through a General Assembly resolution that calls on member-states "to promote and observe in good faith" the historic declaration.

Ban welcomed the Manila-initiated resolution, which was approved by consensus at the recent session on the Special Committee on the Charter of the United Nations.
The resolution is currently up for adoption at the Sixth Committee and the General Assembly.

"I hope that our work on promoting mediation will build on the groundwork already laid by the Manila Declaration," Ban said, adding that preventing conflict is one of my five priority agendas in the UN. **(CVB/Sunnex)**

_____
Pinagkunan: http://sfrspcstarosa2010.blogspot.com/2010/11/may-bukas-pa.html

GAWAIN 16 Compare and Contrast Diagram

Sagutan ang grapikong pantulong na *Compare and Contrast Diagram.*



Ukol sa:		

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano-ano ang mga problemang hinaharap ng Pilipinas ayon sa artikulo?

2. Bakit nasisira ang kalikasan at nagkakaroon ng hidwaan ang mga bansang Asyano? Ano ang kinalaman ng tao dito?

3. Paano nakaapekto ang sirang kalikasan at isyung panteritoryo sa Pilipinas at sa mamamayan nito?

4. Ano ang mensahe ng artikulo sa mga mambabasa? Ipaliwanag.

5. Paano nakaapekto ang heograpiya sa buhay ng mga Asyano?

6. Paano nabuo at umunlad ang kabihasnang Asyano?

GAWAIN 17 Tayo'y Magmasid!

Nasuri na natin ang mga artikulo at *video*. Ngayon naman ay iyong tingnan at imbestigahan ang pamayanan na iyong tinitirhan kung ano na nga ba ang kalagayan ng mga anyong-lupa at anyong-tubig dito. Makakasama mo ang iyong mga kaklaseng kabarangay mo na makikipanayam upang lalong madagdagan ang iyong kaalaman. Pagkatapos itong magawa at malaman ang kalagayan ng mga anyong-lupa at anyong- tubig sa inyong lugar ay gumawa ka ng isang slogan sa *Wall Wisher* at upang magawa ito ay gawin ang mga sumusunod na hakbang:

a. Gamit ang *internet*, i-*type* ang *Wall Wisher*.
b. Pumili ng disenyo ng iyong slogan.
c. I-*type* ang slogan na may kinalaman sa pagmulat sa iba upang alagaan ang kalikasan.
d. Kopyahin ang nagawang slogan sa *dashboard* ng modyul at i-klik ang submit.

Humanda rin para sa *Oral Questioning* gamit ang mga pamprosesong tanong.

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang napag-alaman mo sa kalagayan ng inyong mga anyong-tubig at anyong-lupa?

2. Paano ito nakatutulong sa mga tao sa pamayanan? Ipaliwanag.

3. Ano-ano ang mga problemang kinakaharap ng inyong barangay? Ipaliwanag.

4. May mga programa ba ang inyong barangay na nagproprotekta sa mga ito? Paano?

5. Paano ito pinapangalagaan ng mga tao sa inyong pamayanan?

6. Paano nakaapekto ang heograpiya sa buhay ng mga Asyano?

7. Paano nabuo at umunlad ang kabihasnang Asyano?

GAWAIN 18 Artist Ka Ba?

Mula sa mga talakayan at gawain ay sapat na ang iyong kaalaman kasama ang mga kamiyembro upang makagawa ng isang *Poster-Slogan* na nagpapakita ng katangiang pisikal ng Asya at ang epekto nito sa kultura at pamumuhay ng tao. Ito ay may layuning ipakita ang ganda ng Asya sa likod ng mga problemang pangheograpiya. Ang mga sumusunod ay ang mga dapat lamang gamitin at tandaan sa poster-slogan:

a. Isang puting cartolina
b. Krayola o oil pastel
c. Lapis at sign pen
d. Ruler
e. May margin na 1 *inch* sa lahat ng sulok
f. Pahalang dapat ang cartolina sa pagguhit
g. Isulat angg pangalan ng mga miyembro sa likod ng cartolina.

Pagkatapos magawa ang *poster-slogan* ay kunan ito ng larawan at ilagay sa *dashboard*. I-upload ang larawan at kasagutan sa mga tanong at i-share din ito sa buong klase at sa guro upang makita at matalakay ito. Iyo ding pakatandaan ang *Checklist* sa ibaba bilang gabay sa paggawa ng *poster-slogan*.

GAWAIN 19 Pagsagot sa Checklist

Checklist sa Pagsusuri ng Halimbawa ng Multimedia Campaign Materials

Lagyan ng tsek kung makikita ang mga sumusunod na konsepto at ekis kung hindi naman.

_____1. May mga karagdagang impormasyon at datos
_____2. Tumpak at kalidad ang mga impormasyon
_____3. Naglalaman ng mga isyu tungkol sa kapaligiran
_____4. Maayos ang organisasyon
_____5. Detalyado ang organisasyon
_____6. Madaling maunawan ang daloy ng kaisipan
_____7. Madaling gawin and mga hakbang at solusyon
_____8. Naaayon ang mga hakbang at solusyon
_____9. Malinaw ang disenyo
_____10. Naaayon ang disenyo
_____11. May masining na pamamaraang ginamit
_____12. Nakakahikayat ang dating
_____13. Nakakatawag ng pansin

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang paksa ng iyong poster?

2. Bakit ito ang iyong napili?

3. Paano ito makatutulong sa panghihikayat ng mga turista o makilala nila na maganda at kawili-wiling puntahan ang Asya?

4. Paano nakaapekto ang heograpiya sa buhay ng mga Asyano?

GAWAIN 20 Balikan Natin?

Natapos na tayo sa isa na namang bahagi ng aralin, balikan natin ang iyong kaalaman tungkol sa paksa batay sa iyong kasagutan sa IRF Worksheet. Sagutan ang *Final Answer* na bahagi:

IRF WORKSHEET

Initial Answer
Revised Answer
Final Answer

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. May nabago ba sa iyong pananaw o paniniwala mula sa aralin?Ano ito?

2. Naisip mo na ba ang halaga ng pag-alam at pag-unawa sa heograpiya ng Asya? Oo o Hindi? Bakit?

3. Bilang isang Asyano, nakatulong ba ito upang makilala mo ang iyong tinitirhang kontinente at maisip ang iyong tungkuling dapat gampanan? Ipaliwanag.

4. Paano nakaapekto ang heograpiya sa buhay ng mga Asyano?

GAWAIN 21 **Tapusin Natin!**

Natalakay na natin ang mga mahahalagang impormasyon tungkol sa aralin na ito. Ngayon ay balikan at alamin natin ang lawak ng iyong pang-unawa sa paksa sa pamamagitan ng pagsagot sa *Topic Closure*.

Pagtatapos ng Aralin

Ang paksa ngayon ay _____. Ang pinakapangunahing ideya ay _____. Ito ay mahalaga sapagkat _____. Ang iba pang ideya ay _____. Mahalaga ito dahil _____. Sa pangkalahatan, ang aralin ay _____.

Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim

Sa bahaging ito ng aralin ay lalo mong napalalim ang iyong kaalaman sa katangiang pisikal ng Asya sa pamamagitan ng pag-alam sa kaugnayan nito sa pamumuhay ng mga tao at sa mga isyung kinakaharap ng kasalukuyang henerasyon.

Mayroon ka bang natutuhjn sa paksang ito at realisasyon na dapat mong gawin?
Ngayon na may malalim ka nang pang-unawa sa heograpiya ng Asya ay handa ka na sa susunod na bahagi ng aralin.

PAGLILIPAT

Ang layunin mo sa bahaging ito ng aralin ay upang isabuhay o isagawa sa totoong sitwasyon ang iyong mga natutuhan. Ito ang magpapatunay ng iyong pang-unawa sa araling ito para sa ikabubuti ng bawat ng tao lalong-lalo na ang mga Asyano.

GAWAIN 22 **Ipagmalaki Mo!**

Basahing mabuti ang sitwasyon sa ibaba. Layunin nitong ipakita ang ganda ng Asya sa likod ng mga problemang hinaharap nito. Pangkatin ang klase sa limang grupo. Pagkatapos gawin ang proyekto, mag-isang sagutan ang *Reflection Log* sa ibaba.

PAMANTAYAN	KATANGI-TANGI 4	MAHUSAY 3	NALILINANG 2	NAGSISIMULA 1
NILALAMAN	Ang *multimedia campaign* ay naglalaman ng impormasyon na makabuluhan, tumpak at may kalidad ukol sa mga suliraning pangheograpiya at kalagayang panlipunan.	Ang *multimedia campaign* ay naglalaman ng sapat, tumpak at may kalidad na impormasyon ukol sa mga suliraning pangheograpiya at kalagayang panlipunan.	Ang *multimedia campaign* ay naglalaman ng sapat at tumpak na impormasyon ukol sa mga suliraning pangheograpiya at kalagayang panlipunan.	Ang *multimedia campaign* ay kulang sa impormasyon ukol sa mga suliraning pangheograpiya at kalagayang panlipunan.
ORGANISASYON	Maayos, detalyado at madaling maunawaan ang daloy ng mga kaisipan at impormasyong inilahad upang mahikayat ang mga Asyano na tumugon.	May wastong daloy ng kaisipan at madaling maunawaan ang impormasyong inilahad upang makahikayat ang mga Asyano na tumugon.	May lohikal na organisasyon ngunit hindi sapat upang makahikayat ng mga Asyano na tumugon.	Hindi maayos ang organisasyon at hindi maunawaan ang mga impormasyong inilahad .
KAPAKINABANGAN	Madaling gawin at naaayon ang mga hakbang at solusyon ukol sa mga problemang pangheograpiya .	Madaling gawin ang mga hakbang at solusyon ukol sa mga problemang pangheograpiya.	Madaling maunawaan ang mga hakbang ukol sa mga problemang pangheograpiya subalit ito'y mahirap gawin o isagawa.	Mahirap maunawaan at gawin ang mga hakbang at solusyon ukol sa mga problemang pangheograpiya.
PAGKAMALIKHAIN	Malinaw at naaayon ang mga disenyo at	May malinaw na mga disenyo at	May kakulangan ang mga	Hindi angkop ang mga disenyong

	masining na pamamaraang ginamit sa *multimedia campaign.*	masining na pamamaraang ginamit sa *multimedia campaign.*	disenyo ginamit sa *multimedia campaign.*	ginamit sa *multimedia campaign.*
IMPACT	Ang dating sa manoonod,at mambabasa ay lubos na nakahihikayat at nakakatawag pansin.	Ang dating sa manoonod,at mambabasa ay maayos.	Mahina ang dating sa manoonod at mambabasa upang makapanghikayat.	Walang dating sa mga manonood at mambabasa ang *mulitimedia campaign.*

Reflection Log:

GAWAIN 23 Inaasahang Pagganap

TASK

Ang Asya ay dumaranas ng iba't ibang suliraning pangkapaligiran at kalagayang panlipunan. Ikaw bilang isang "Ambassador of Goodwill" ay inatasang manghikayat at makapaimpluwesiya ng mga kabataang Asyano upang ipalaganap ang mga programa o proyekto na sumusuporta sa ikabubuti ng kapaligiran at kapakanan ng mga Asyano sa pamamagitan ng paggawa ng *multimedia campaign* . Ito ay tatayain ayon sa sumusunod: nilalaman, pagkamalikhain, *impact*, organisasyon, kapakinabangan.

Rubrik ng Inaasahang Pagganap
Mga Pamantayan sa Paggawa ng Multimedia Campaign

GAWAIN 24 Reflection Log

Sagutan ang *Reflection Log* na tumatalakay sa mga natutuhan sa araling ito.

Kaalamang Mahalaga sa Buhay ko at sa Bayan ko	Kakayahan	Mabuting Ugali

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Anong masasabi mo sa iyong ginawa?

2. Nagustuhan ba ito ng mga kabataang Asyano? Sa anong paraan?

3. Ano ang natutuhan mo o realisasyon sa paggawa ng *multimedia campaign*?

4. Ipagpapatuloy mo ba ang kampanya na ito? Oo o Hindi.Bakit?

Katapusang Bahagi ng Paglilipat

Nalaman at naunawaan mo na ang heograpiya ng Asya. Naisakatuparan mo na rin ang pangunahing proyekto, ang paggawa ng *multimedia campaign*, na siyang magpapatunay ng lawak ng iyong kaalaman sa paksa. Ano ang masasabi mo sa pagsasagawa nito? May natutuhan ka ba o realisasyon sa iyong sarili habang ginagawa ito? Sana ay nakatulong ito upang lalo mong pahalagahan ang pagiging Asyano at ipagmalaki ito sa buong mundo!

Binabati kita sapagkat natapos mo na ang modyul na ito! Bago ka pumunta sa susunod na modyul ay sagutan mo ang panghuling pagtataya.

PANGHULING PAGTATAYA

Binabati kita! Narating mo na ang bahagi kung saan ay tatayain ang iyong nalalaman sa araling ito. I-klik ang titik ng iyong napiling sagot. Makikita mo lamang ang kabuuan ng iyong nakuhang iskor pagkatapos mong masagutan ang lahat ng aytem. Kung mataas ang iyong makukuha at makapapasa ka, magpapatuloy ka sa susunod na modyul. Subalit kung ang iyong nakuha ay mababa sa hinahangad na lebel, ikaw ay kinakailangang bumalik at kunin ulit ang modyul na ito.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Mula sa mapa, anong bansa ang matatagpuan sa silangang bahagi ng Iran?

A. Afghanistan
B. Oman
C. Saudi Arabia
D. Yemen

2. Pag-aralan ang mga sumusunod na larawan. Alin sa mga yamang kagubatan tanyag ang Myanmar?

A. Cedar Tree

C. Waling-waling

B. Ebony Tree



D. Teak Tree

3. Mula sa mapa, anong pangkat etniko ang kulay asul?

A. Burundi
B. Dravidian
C. Indo-European
D. Munda

4. Sa bansang Cambodia, ayon sa talahanayan sa ibaba, ilang bahagdan ng Lakas Paggawa ang walang trabaho sa taong 2008?

Bahagdan ng Lakas Paggawa na Walang Trabaho, 2008

Sektor	Bahagdan ng Walang Trabaho
Lalaki	1.5
Babae	1.8

Mula sa: www.unescap.org/stat/data/syb**2012**/country-profiles/index.asp

A. 1.0 B. 1.5 C. 1.8 D. 3.3

5. Kilalanin ang etniko na nasa larawan. Saang pangkat siya kabilang?

A. Ainu
B. Balinese
C. Dravidian
D. Negrito

6. Ang kultura sa Timog Asya ay naiimpluwensiyahan ng mga relihiyong Jainismo Hinduismo, Islam at Budismo. Alin sa mga larawan ang ang hindi simbahan ng mga tao dito?

A.

C.

B.

D.

7. Suriing mabuti ang larawan sa ibaba. Ano ang implikasyon nito sa pamumuhay ng tao?

A. Ang kultura at yamang likas ng tao ay walang pagbabago sa pagdaan ng panahon.
B. Tumira ang tao sa tahimik at malinis na pamayanan.
C. Hindi nasisira ang yamang likas sa pag-unlad ng tao.
D. Naging moderno ang siyudad ng tao bunsod ng paglago ng makabagong teknolohiya

8. Anong bansa sa Asya ang ikalawa sa may pinakamalaking populasyon sa mundo?

POPULASYON SA ASYA

Bansa	Bilang ng Populasyon
China	1,354,146,443
India	1,214,464,312
Indonesia	232,516,771
Pakistan	184,753,300
Japan	126,995,411
Bangladesh	164,425,491
Vietnam	89,028,741
Philippines	93,616,853

Pinagkunan: http://www.blatantworld.com/feature/asia/most_populous_countries.html

A. Tsina
B. India
C. Japan
D. Indonesia

Basahing mabuti ang atrikulo ukol sa turismo sa Mt. Apo.

Mt Apo Climbing Boosts Kidapawan Tourism Industry

Kidapawan City -- Local officials of Kidapawan City are elated over the increase in the number of tourists eager to climbs the country's highest peak and enjoy the scenery of Mt. Apo.

Kidapawan City Mayor Rodolfo Gantungco noted that the number of tourists this year has increased despite the local government's move to limit the number of Mt. Apo climbers in a bid to protect the environment and preserve its bountiful natural resources.

"Sa totoo lang, ang ganda ng turn-out ng tourism especially ng domestic tourist patungong Mt. Apo. During this summertime lumampas kami sa climbing capacity," Gantuangco said.

Since they expect more domestic tourists who are interested to join the Mt. Apo summer trek, the mayor said they have to limit the number of climbing hours just to be able to accommodate them.

"We really intend to limit the number of the mountain climbers, pero talagang napakarami ng gustong umakyat kaya ang ginawa naming ni-limit na lang iyong number of climbing hours," he said.

Aside from mountain climbing, domestic tourist coming from all over Mindanao also enjoy the cold and hot water spring, tranquility and natural beauty of the Lake Agco resort and spa at the foot of Mt. Apo.

The locals government units supervises the operations and maintenance of the Lake Agco resort and spa which continues to draw foreign and local tourist attraction.

http://www.skyscrapercity.com/showthread.php?t=686188&page=17

9. Mula sa binasang artikulo, ano ang nais ipahiwatig ng artikulo?

A. Ang mga magagandang tanawin ay malaki ang naitutulong sa pag-angat ng turismo at pamumuhay ng mga tao sa isang lugar.*
B. Ipinagmamalaki ng mga tao ang mga magagandang tanawin.
C. Maraming turista ang dumadagsa sa mga magagandang tanawin.
D. Masaya ang mga taong namamasyal sa magagandang tanawin.

Basahing mabuti ang artikulo sa ibaba.

BEIRUT (AP) – Isang sunog na bunsod ng labanan ng mga tropa ni Syrian President Bashar Assad at ng mga rebelde ang tumupok sa ilang siglo nang covered market ng Aleppo noong Sabado, naabo ang mga tablang pintuan at nagbabaga ang mga stone stalls at vaulted passageways. Ang souk (palengke) ay isa sa halos kalahating dosenang kilalang *cultural sites* sa bansa na naging *collateral damage* ng giyera sibil.
Ang pinsala sa isa sa best-preserved old souks sa Middle East ay ang pinakamalalang nangyari sa UNESCO World Heritage site sa Syria. Ang Aleppo market, isang *major tourist attraction* sa kanyang makikipot na stone alleys at mga tindahan ng pabango, tela, at spices, ay naging lugar ng pabugso-bugsong bakbakak at barilan nitong mga nakalipas na linggo.

10. Saan matatagpuan ang Middle East na tinutukoy sa artikulo?
    A. Sakop nito ang buong Kanlurang Asya.
    B. Binubuo ito ng Syria, Turkey, Saudi Arabia, Israel, Iraq, Jordan, Lebanon.
    C. Binubuo ito ng Tajikistan, Armenia, Azerbaijan, Turkmenistan at Kryrgysztan.
    D. Ito ay sumasakop mula sa Hilagang Aprika hangang sa Central Asia.

11. Karamihan sa mga Indones ay magsasaka. Ang pag-aani sa bansa ay nauuri sa dalawa. Ang *Ladang* na kilala sa tawag na *slash* and *burn* at ang *Sawah* kung saan karaniwang itinatanim ang palay na kadalasang nalilinang sa pamamagitan ng irigasyon. Bakit kailangang pasiglahin ang kultibasyong Sawah?
    A. Higit na maraming ani ang dulot nito
    B. Ito ay isang permanenteng agrikultura.
    C. Ito ay madaling isagawa ng mga magsasaka.
    D. Nagawang doblehin ang panggagapas.

12. Ayon sa estadistika sa ibaba, paano mailalarawan ang populasyon ng Pilipinas?

Populasyon Batay sa Edad, 2010

Edad	Populasyon
0-14	30,717,524
15-64	57,374,256
65 pataas	4,006,198

Mula sa: http://www.census.gov.ph/content/national-quickstat-october-2012

A. bata
B. balance
C. matanda
D. katamtaman

13. Ang wika ay salamin ng kultura ng isang lahi. Ano ang ibig sabihin nito?

A. Ang wika ay kabuuan ng mga tradisyon ng iba't ibang kultura.

B. Imbensyon ng tao ang wika.

C. Ang mga konsepto, katuturan, at pagpapahalaga ay nailalarawan ng wika.

D. Kumplikado ang wikang ginagamit ng bawat lipunan.

14. Alin sa mga sumusunod ang hindi implikasyon ng pagkakaroon ng pagkakaiba-ibang iba't ibang grupong etnolinggwistiko sa Asya?

A. Mayaman ang kultura ng mga bansa sa Asya.
B. May sariling pagkakakilanlan ang bawat pangkat.
C. Napanatili ang pagiging bukod tangi ng mga lahi, wika, at kultura.

D. Namayani ang impluwensiya ng bawat isang pangkat sa isa't isa.

Basahin nang mabuti ang halaw na artikulo upang maunawaan ang karanasan ng Pilipinas sa kalamidad.

Tunay ngang noong nagpaulan ang Maykapal ng biyaya at yaman, nasalo at naligo ang bansang Pilipinas, partikular sa yaman ng kalikasan. Hindi mabilang ang yaman na tinataglay ng Perlas ng Silangan. Subalit sa oras na magwala ang Inang kalikasan, handa na ba ang bayan ni Juan?

Tila isang hindi inaasahang bisita ang dumalaw sa bayan ni Juan. Para bang napadaan lang sa isang kakilala at sumira ng araw. Naiwang luhaan at tila isang basang sisiw ang buong mamamayan matapos lunurin sa baha at bayuhin ng malalakas na hangin ng bagyong Juan ang mismong bayan ni Juan. Hindi

naprotektahan at naisalba ang kabuhayan ng mga magsasaka partikular sa lalawigan ng Isabela.

Ayon sa balita, eksaktong ika-10:00 ng umaga noong ika 18 ng Oktubre ng hagupitin ng bagyo ang Isabela. Maraming buhay ang tinangay at ang iba'y nawawala pa. Samantalang umabot sa P11.53 bilyon ang halagang napinsala ng bagyo sa sektor ng agrikultura at imprastraktura ng bansa batay sa tala ng Department of Agriculture
(DA). Maraming kabuhayan ang nalubog at nawasak sa pagbisita ni Juan.

Posted by sfrspcstarosa2010@gmail.com at 11:08 PM
Email ThisBlogThis!Share to TwitterShare to Facebook

15. Bilang isang mamamayang Pilipino, paano ka maghahanda sa kalamidad tulad ng bagyo upang mabawasan ang mga ganitong pinsala?

    A. Alamin lagi ang taya ng panahon upang malaman ang direksyon ng bagyo.
    B. Maglayag sa ibang probinsiya para mamasyal.
    C. Pumalaot upang mangisda tuwing bagyo.
    D. Tawanan ang mga bali-balita ukol sa bagyo.

Basahing mabuti ang artikulo ukol sa isyung pangteritoryo.

Kamakailan ang *ocean surveillance ships* ng Tsina ay nagpapatuloy ng pamamatrolya sa dagat sa paligid ng Diaouy Islands, bagay na hindi lamang nagpahayag ng paninindigan ng Tsina sa mga bapor na Hapones na lumusob sa dagat ng Tsina, at iniutos sa mga bapor na Hapones na agad na umalis sa teritoryong pandagat ng Tsina, kundi para subaybayan pa sila't kunin ang ebidensya. Ipinahayag ng departamento ng Tsina na sa isyu ng teritoryo at soberaniya, sinuman ang hahamon sa *bottomline* ng Tsina, tiyak na gagawa ng malakas na reaksyon ang Tsina.

Ang isang serye na mga hakbangin na isinagawa ng Tsina na tulad ng pagpapalabas ng White Paper na pinamagatan ng "Ang Diaoyu Islands ay likas na teritoryo ng Tsina" at iba pa, ay nagpapadala ng isang signal sa labas: matatag ang determinasyon ng pamahalaang Tsino at may ganap na kakayahan at sapat na yaman ang Tsina para mapangalagaan sa kabuuan ng teritoryo at soberaniya ng bansa, at anumang banta at presyur mula sa labas ay hindi maaaring makayanig ng kalooban ng pamahalaan at mga mamamayan ng Tsina.

Sa nakaraang 2 buwan, dahil sa ilegal na "pagbili" ng Hapon ng Diaoyu Islands, ang relasyon ng Tsina at Hapon ay sumadlak sa *ice point* noong nakaraang 40 taon sapul nang maging normalisasyon ang relasyon ng dalawang bansa, at ang sitwasyon sa Diaoyu Islands ay nagkaroon ng puntamental na pagbabago. Pero, hindi mababaluktot ang kasaysayan, ang Diaouy Islands ay

likas na teritoryo ng Tsina, ang pamahalaan ng Hapon ay walang karapatan sa Diaoyu Islands. Ang kasalukuyang aksyon ng Hapon ay mapanganib.

Sa mga isyung may kinalaman sa teritoryo at soberaniya ng bansa, buong tatag na nananangan ang Tsina sa sariling prinsipyo at bottomline. Bilang panig na nananagot sa isyung ito, dapat iwasto ng Hapon ang kamalian nito para ibalik muli sa norml na landas ang relasyon ng dalawang bansa.

http://filipino.cri.cn/301/2012/10/30/2s114924.htm

16. Ang isyung ito sa pagitan ng Tsina at Japan ay nakababahala sa mga Asyano. Bilang isang "peace negotiator" paano mo ito sosolusyunan?

    A. Suportahan ang isang bansa sa kanyang pinaglalaban.
    B. Mag-organisa ng welga na naglalayong iparating ang mga hinaing ng tao.
    C. Magbigay ng pondo sa Japan upang makipaglaban sa China.
    D. Bumuo ng isang diyalogo upang pag-usapan ang isyu sa Japan at China.

17. Sa mga nakita at nabasa mong suliranin ng ating kapaligiran,bilang isang mag-aaral, alin ang pinakamahusay na hakbang na iyong magagawang tulong at suhestyon upang mabawasan ang patuloy na pagkasira nito?
    A. Mag *post* ng *comments* sa *blogsites* ng mga *environmental groups* at *advocates.*
    B. Sariling pagtupad ng 3Rs (reduce, reuse, recycle).
    C. Gumuhit ng isang *editorial poster* na naglalarawan ng nakitang kalagayan ngating kapaligiran.
    D. Magmasid ng mga karaniwang suliranin at tumukoy ng mga solusyon.

18. Bilang environmentalist na delegado sa Earth Summit, alin ang suhestiyon na iyong isusulong sa pandaigdigang pagsama-sama upang tuluyang matugunan ang sobrang paggamit ng yamang likas?

    A. Pagtanggap ng mga pagbabagong dulot ng agham at teknolohiya.
    B. Malawakang pagpapadami ng produksyon ng mga produktong pangkonsumo.
    C. Pagpapanatili ng di mapanganib at panghabang panahong kaunlaran (sustainable development).
    D. Panawagan para sa pagtataguyod ng kaunlaran ng ating kapaligiran.

19. Isa sa mga kinahaharap na suliranin ng Asya ay ang pagkasira ng mga lupaing katutubo o *ancestral land*, bilang isang mamamayang Pilipino at isang Asyano. Alin sa mga sumusunod na hakbang ang pinakamainam upang masolusyunan ito?

    A. Magsulat sa mga pamahalaan ng mga bansang Asyano ukol sa isyung kinahaharap ng mga katutubo ukol sa kanilang lupain.
    B. Hikayatin ang mga tao na bisitahin ang mga lupang katutubo upang makatulong sa turismo sa kanilang lugar at bigyan sila ng sapat na kita.
    C. Pahintulutan ang mga katutubo na manirahan sa mga bakanteng lupaing pagmamay-ari ng mga pamahalaan ng mga bansa sa Asya.

D. Lumahok sa mga adbokasiya gaya ng pagsali sa mga organisasyon na nagpapalaganap ng kamulatan ukol sa mga lupaing katutubo at mga isyung kaugnay nito at gumagawa ng hakbang upang maproteksiyunan ang mga nasabing lupain sa iba't ibang bansa sa Asya.

20. Upang hikayatin ang mga kabataan na alamin ang mga pangkat-etnolinggwistiko sa Asya ikaw ay gagawa ng isang *blog* ukol sa paksa. Ano-anong katangian ng *blog* ang dapat mong isaalang-alang upang maging matagumpay sa iyong layunin?

    A. Marami at malalim ang matututuhan mula rito, kaakit-akit, interesanteng basahin, *interactive*
    B. Marami at malalim ang matututuhan mula rito, maiikli ang mga artikulo, hindi bababa sa 10 ang kulay ng *website*
    C. Marami at malalim ang matututunan, *interactive*, interesanteng basahin, maraming iba't ibang uri at laki ng mga font
    D. Marami at malalim ang matututunan mula rito, kaakit-akit, isa lamang ang uri at laki ng *font* upang maging simple

GLOSARYO NG MGA TERMINO NA GINAMIT SA MODYUL

Altitude – tumutukoy sa taas ng isang pook o lugar mula sa *sea level* o kapatagan ng dagat.

Disyerto – ang tuyo at tigang na lupain na karaniwang natatabunan ng buhangin at katatagpuan lamang ng mga pananim na maaaring mabuhay sa mga lupang tuyo.

Ekwador – humahati sa globo sa hilaga at timog na hemispero at itinakda bilang *zero degree latitude.*

Heograpiya – nauukol sa pag-aaral ng mundo at mga taong naninirahan dito. Sakop nito ang pag-aaral sa katangiang pisikal ng mundo, iba't ibang anyong lupa, at anyong tubig, klima at likas na yaman ng isang pook.

Klima - tumutukoy sa kalagayan ng atmospera ng isang lupain sa loob ng mahabang panahon.

Latitud – ang distansiya mula sa hilaga o timog ng ekwador na nasusukat sa digri.

Longhitud –ang distansiya mula sa silangan o kanluran ng Prime Meridian na nasusukat sa digri.

Monsoon – ang panahunang pagsasalit-salit ng hangin sa Asya. Ito ay higit na kilala sa pangalang hanging habagat o basing monsoon.

Panahon- ang kondisyon ng atmospera sa isang natatanging pook sa loob ng nakatakdang oras.

Prairie – uri ng *grassland* o lupaing may damuhang mataas at malalim ang ugat.

Savanna –lupain ng pinagsamang mga damuhan at kagubatan.

Steppe – isang malawak na lupaing nagtataglay ng damuhang mayroong lamang ugat na mababaw na makatatagal sa mga lupaing tuyo at temperate.

Taiga – o boreal forest ay mula sa wikang Ruso na nangangahulugang pamayanang kagubatan.

Tropic of Cancer matatagpuan sa 23.5 digri hilaga ng ekwador.

Tropic of Capricorn -matatagpuan sa 23.5 digri timog ng ekwador.

Tropical Rainforest – likas sa ganitong uri ng lupain ang mga punong tropical deciduous na nagtatagal sa klimang may mahabang tuyong panahon at napakalakas na tag-ulan.

Tundra - hango sa wikang Finnish na tunturia at ang ibig sabihin ay treeless plain. Ito ay may malamig na klima at kadalsang walang mga puno.

Vegetation Cover – ay tumutukoy sa ibat ibang uri ng pananim na nakabalot sa lupain ng daigdig.

TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA MODYUL

http://www.youtube.com/watch?v=MpnbprgsbYc (Top 10 Tourist Destination in Asia)

http://www.youtube.com/watch?v=ZyLWVFIrb0Y (Richest Countries in Asia

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A0S00xgCXmJRyVgAyyHeRwx.;_ylu=X3oDMTBrc3VyamVwBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQD?p=Origin+of+Asian+Continent&vid=8bfd4fbf870ec0ec982d29cb9395ac6f&l=&turl=http%3A%2F%2Fts1.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4581644425756800%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DMBk63vtpwhQ&tit=Lost+Continent+of+Mu&c=1&sigr=11alovka4&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b video na naglalaman ng impormasyon ukol sa kontinenteng Mu / Lemuria, maunlad na kontinente sa Asya at pinagmulan ng lahi ng tao sa Asya

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A0S00xoBXWJR9UUAPDveRwx.;_ylu=X3oDMTBrc3VyamVwBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQD?p=Origin+of+Asia&vid=f09ac6208e7590bd1f3241c50f4c0713&l=8%3A36&turl=http%3A%2F%2Fts2.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4667178724295285%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DBpC1P6me5K

o&tit=The+Difference+Of+Asian+Origins+Part+1+Sino-Tibetans+%28Han-Chinese+...&c=27&sigr=11a6fakoj&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b video ng pinagmulan ng lahing Sino Tibetan

http://www.infoplease.com/atlas/asia.html almanac of Asia
http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A0S00xhzX2JRH2EAlZfeRwx.;_ylu=X3oDMTBrc3VyamVwBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQD?p=Geography+of+Asia&vid=e85a6ba43fa383b540ea099072479ee3&l=4%3A12&turl=http%3A%2F%2Fts1.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4995348548682128%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DRUNZkTA3j3s&tit=Geography+of+Asia&c=1&sigr=11ahl5clk&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b video sa heograpiya ng Asya

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A0S00xhzX2JRH2EAlJfeRwx.;_ylu=X3oDMTBrc3VyamVwBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQD?p=Geography+of+Asia&vid=6b9acd1586fc540bad7d510d36822cea&l=5%3A33&turl=http%3A%2F%2Fts4.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4569159003472399%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3Dx-LFOkGfyZM&tit=World+Geography+-+The+Geography+of+Asia+and+the+Pacific&c=0&sigr=11au67tio&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b video sa heograpiya ng Asya

http://education.nationalgeographic.com/education/encyclopedia/asia-human/?ar_a=1&ar_r=3 human geography of Asia

http://education.nationalgeographic.com/education/encyclopedia/asia-resources/?ar_a=1&ar_r=3 resources of Asia and economy

http://education.nationalgeographic.com/education/encyclopedia/asia-human/?ar_a=1 physical geography of Asia

http://www.p12.nysed.gov/ciai/socst/grade3/geograph.html naglalaman ng mga impormasyon ukol sa relasyon ng kultura at heograpiya

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A0S00xhzX2JRH2EAoJfeRwx.;_ylu=X3oDMTBrc3VyamVwBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQD?p=Geography+of+Asia&vid=4248301f717532fa7c7e2f97cdec3947&l=15%3A02&turl=http%3A%2F%2Fts1.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4731246762000620%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DD7qvqQKYMt4&tit=Asia+Physical+Geography&c=12&sigr=11agm2l88&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b video na naglalaman ng mga impormasyon sa katangiang pisikal ng Asya

http://www.scribd.com/doc/34999578/Asia-Vegetation ukol sa mga vegetation cover ng Asya

http://www.pinoybalita.info/international-news naglalaman ng mga pangunahing isyu sa Syria at North Korea

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A0S00xgMXGJRQmcASVHeRwx.;_ylu=X3oDMTBrc3VyamVwBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQD?p=Global+Warming&vid=6a599383dc9a59773383335833b95865&l=&turl=http%3A%2F%2Fts4.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4571658646257715%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fon.aol.com%2Fvideo%2Fwhat-is-global-warming-38356558&tit=What+Is+Global+Warming&c=3&sigr=11n9ilh0c&fr=yfp-t-711-s&tt=b video sa global warming

http://kyotoprotocol.com/ naglalaman ng mga impormasyon sa Kyoto Protocol na kasama ang Asya

http://www.enchantedlearning.com/geography/glossary/projections.shtml naglalaman ng mga impormasyon sa iba't ibang uri ng map projection

http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKiHLjNlpR8BIABdy1Rwx.?p=examples+of+Mollweide+projection&fr=yfp- ukol sa ibat ibang halimbawa ng Mollweide Projection

http://www.p12.nysed.gov/ciai/socst/grade3/geograph.html naglalaman ng mga impormasyon sa cultural geography

http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKmKbFTL1QVzMAvnWzRwx.?p=tigris+and+euphrates&fr=yfp-t-711-s&fr2=piv-web Mga larawan ng ilog sa Asya

http://www.yourchildlearns.com/asia_map.htm interactive game ukol sa mga bansa ng Asya

http://www.ilike2learn.com/ilike2learn/asia3.html interactive game ukol sa kabisera ng mga Asyanong bansa

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A0S00xr9PtFQiTMAG37eRwx.;_ylu=X3oDMTBrc3VyamVwBHNlYwNzcgRzb youtube video ng Heograpiya ng Asya

http://www.youtube.com/watch?v=FP531_EkIOY ukol sa pagkakaiba ng kultura ng Silangan at Kanluran

ARALIN 2: YAMANG LIKAS NG ASYA

☑ Panimula at Mga Pokus na Tanong

Mula sa simula, ang likas na yaman ay may mahalagang papel na ginagampanan sa buhay ng tao. Ito ang pinagkukunan ng kanilang pang -araw-araw na kailangan.Ito rin ang naging dahilan upang mabuo ang kabihasnan.

Nakamamanghang malaman kung paano ginamit ang mga bato upang makagawa ng apoy, hinasa ang mga bakal upang gawing sibat at pana, naging palamuti ang mga mineral at gawing mga panangga sa lamig at init ang mga balat ng hayop.Ang mga ito ay dulot ng iba't ibang likas na yaman ng isang bansa.

Bilang mag-aaral at isang mamamayang Asyano, may alam ka ba sa mga yamang likas ng Asya? Paano ang mga yamang ito naiuugnay sa paghubog ng iba't ibang kabihasnan sa Asya?

Ano-ano ang mga komposisyon at bahagdan ng likas na yaman ng Asya?

Sa modyul na ito, iyong matutuklasan ang iba't ibang likas na yaman ng Asya at ang kaugnayan nito sa agrikultura,ekonomiya at kultura ng mga bansang Asyano. Matutuklasan mo rin kung paano nito hinubog ang kabihasnang Asyano.

Handa ka na ba? Halina at sama-sama nating pag-aralan ang iba't ibang yamang likas ng Asya at tuklasin ang mga sagot sa mga mahahalagang tanong ukol dito.

Kung oo, magpatuloy tayo!

☑ Saklaw ng Modyul

Sa modyul na ito ay naglalaman ng mga sumusunod na aralin:

Aralin Blg.	Pamagat	Matutuhan mo ang...	Bilang ng Oras
2	Yamang Likas ng Asya	1.Nailalarawan ang mga yamang likas ng Asya. 2.Natataya ang mga implikasyon ng kapaligirang pisikal at yamang likas ng mg rehiyon sa pamumuhay ng mga Asyano noon at ngayon sa larangan ng agrikultura, ekonomiya, at kultura. 3.Naipapahayag ang kahalagahan ng pangangalaga sa timbang na kalagayang ekolohikal ng rehiyon.	

☑ Concept Map ng Modyul

Ito ang simpleng *concept map* ng mga araling tatalakayin sa modyul na ito.



☑ Inaasahang mga Kasanayan

Upang mapagtagumpayang masagutan ang modyul at malinang nang lubos ang iyong pag-unawa, kinakailangang tandaan at gawin mo ang mga sumusunod:

1. Nababasa ang mapa.
2. Natutukoy ang mga lokasyon ng mga rehiyon sa Asya.
3. Nasusuri ang mga datos, impormasyon, at tsart ukol sa likas na yaman ng Asya.
4. Natataya ang primaryang batayan ng kasaysayan at impormasyon.
5. Nakagagawa ng *concept map* o *semantic web* at iba pang grapikong pantulong ukol sa yamang likas ng Asya.
6. Naipaliliwanag ang epekto ng mga likas na yaman sa pag-unlad ng mga bansang Asyano.
7. Napahahalagahan ang yamang likas ng Asya.
8. Nakapagsasagawa ng iba't ibang pamamamaraan,gawain o proyekto sa pangangalaga at preserbasyon ng pinagkukunang yaman at kapaligiran.

PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan nang pagsagot panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong.Pagkatapos ay makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Mula sa mapa sa ibaba, saang bansa ngayon matatagpuan ang Mesopotamia kung saan umusbong ang unang sibilisasyon?



A. Iran
B. Iraq
C. Lebanon
D. Israel

2. Alin sa sumusunod ang pinakatanyag na produkto ng Kanlurang Asya?
   A. ginto
   B. petrolyo
   C. pagkaing dagat
   D. produktong galing sa kagubatan

3. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa mga pangkat-etnolinggwistiko ng Asya?
   A. Aeta
   B. Bugis
   C. Tamil
   D. Kikuyu

4. Kilalanin ang larawan sa ibaba. Saang bansa ito matatagpuan?
   A. Indonesia
   B. Japan
   C. Myanmar
   D. Philippines

5. Ang larawan sa ibaba ay isang Dravidian. Saan matatagpuan na bansa ang katutubo na ito?
   A. India
   B. Indonesia
   C. Japan
   D. Philippines

6. Ang kultura sa Silangang Asya ay napangingibabawan ng relihiyong Budismo at prinsipiyong Confucianismo. Alin sa mga larawan ang nagpapakita nito?

A.

C.

B.

D.

7. Ang Asya ay napalilibutan ng iba't ibang anyong-tubig tulad ng mga ilog at karagatan. Ano ang implikasyon nito sa kultura ng mga bansang Asyano?
   A. Ang mga sinaunang Asyano ay tumira sa siyudad.
   B. Hindi mainam tigilan o pirmihan ang mga ito dahil delikado sa mga kalamidad.
   C. Nakaimbento ng sasakyang panlupa ang mga sinaunang tao.
   D. Ang mga anyong-tubig ang nagsilbing daan para maging magsasaka, mangingisda at mangangalakal ang sinaunang tao.

8. Batay sa talahanayan sa ibaba, ano ang kabuuang populasyon ng mga bansa sa Asya na kabilang sa sampung bansang may pinakamalaking populasyon sa mundo?
   A. 3,027,000,000
   B. 3,275, 000,000
   C. 3,418, 000,000
   D. 3, 588, 000,000

Bansang May Pinakamalaking Populasyon sa Mundo

Bansa	**Populasyon (*estimate, 2012)***
Tsina	1,343,239,923
India	1,205,073,612
USA	313,847,465
Indonesia	248,645,008
Brazil	199,321,413
Pakistan	190,291,129
Nigeria	170,123,740
Bangladesh	161,083,804
Russia	142,517,670
Japan	127,368,088

Datos mula sa: https://www.cia.gov/library/publications/the-**world-factbook**/

9. Masama ang dulot ng deforestation dito sapagkat nababawasan ang likas na yaman ng kagubatan. Ano ang tawag dito?
   A. erosion
   B. global warming
   C. natural ecosystem
   D. urbanisasyon

10. Ang paglawak ng industriya ay simbolo ng isang maunlad na bansa. Ano ang negatibong epekto ng modernisasyon sa ating kapaligiran?
   A. Ang pagkakaroon ng polusyon sa lupa, tubig at hangin
   B. Ang pagkaubos ng suplay ng mga pangunahing mineral tulad ng natural gas at langis.
   C. Ang pagdagsa ng mga tao sa sentro ng mga industriyalisasyon.
   D. Ang paglikas ng mga taong naapektuhan ng iba't ibang uri ng karahasan sa paligid.

11. Ano ang implikasyon ng kapaligirang pisikal at yamang likas sa pamumuhay ng tao?
   A. Maraming magsasaka ang may maliit na sakahan lamang para sa pansariling ikabubuhay at hindi para sa pangmaramihang produksyon.
   B. Nagiging maunlad ang pangangailangang materyal ng tao sa pagtakbo ng panahon.
   C. Ang paggamit ng teknolohiya upang baguhin ang kakayahan ng lupa upang makakuha ng masaganang biyaya mula sa lupa.
   D. Ang malawak at matabang lupain ay natutugunan nito ang mga pangangailangan ng mga rehiyon at makapagluluwas ng mga produkto sa ibang bansa.

12. Sa kasalukuyan, mga 30 taong gulang ang mga batang Tsino na isinilang noong unang dako ng ika-8 dekada ng nagdaang siglo kung kailan sinimulang isagawa ang mahigpit na one child policy sa Tsina at saka ang kanilang mga magulang ay 55 taong gulang pataas. Ipinapatupad ba sa buong Tsina ang One Child Policy?
    A. Oo, ayon sa batas ng Tsina ito ay sa lahat ng probinsiya nito.
    B. Hindi lahat sapagkat ayon sa batas ay ipapatupad lamang ito sa mga siyudad.
    C. Oo, buong Tsina ay kailangang sumunod para maiwasan ang buwis.
    D. Hindi dahil may karapatan ang bawat tao na magdesisyon kung ilan ang anak nila.

13. Ayon sa estadistika ng Philippine Census, taong 2009, ang tatlong pangunahing dahilan ng pagkamatay sa Pilipinas ay ang mga sumusunod 1) malignant neoplasm (cancer), 2) sakit sa puso at 3) cerebrovascular disease. Ano ang implikasyon ng pahayag na ito?
    A. Laganap ang sakit na kanser sa bansa.
    B. Karamihan ng nagkakasakit sa puso ay mga lalaki lamang.
    C. Ang cerebrovascular disease ay maaaring maiwasan.
    D. Kulang ng impormasyong pangkalusugan ang mga mamamayang Pilipino.

14. Ayon sa World Development Report ng World Bank,1990, ang international poverty line ay nagtatakda ng kung sino ang itinuturing mahirap. Ang sinumang nabubuhay sa US$1 kada araw bilang panggastos ay mahirap. Ang pamumuhay sa isang dolyar lamang sa isang araw ay may implikasyon sa mga sumusunod maliban sa _____.
    A. Sapat na pagkain at wastong nutrisyon
    B. Dami ng gustong anak ng mag-asawa.
    C. Pangsuporta sa edukasyon ng mga anak.
    D. Pambili ng gamot kung magkakasakit.

Basahing mabuti ang artikulo sa ibaba.

Sariwa pa sa isipan ng bawat isa ang katulad ng pananalasa ng bagyong Juan mahigit isang taon na ang nakakalipas. Sino ba naman ang makakalimot sa pagpapalangoy sa baha ng bagyong Ondoy sa kalakhang Maynila at mga kalapit na lalawigan? Dalawang daang katao ang nasawi samantalang daan-daang kabahayan naman ang lumubog sa baha.

Habang nagaganap ang bawat pangyayari, mayroong mga taong nilulubog ang isang paa sa panganib makapaghatid lamang ng sapat na impormasyon. Mga taong ang tanging nasa isipan ay magampanan ang nakaatas na tungkulin. Mga taong kadalasang lapis at papel ang dala-dala. Sila ang siyang nagbibigay linaw sa paparating na delubyo, ang mga mamamahayag.

Sila ang nagbibigay ng malinaw na impormasyon sa buong sambayanan sa oras na nagkakaroon ng kalamidad. Sila ang naghahatid sa bawat isa ng mga salita ng pamahalaan. Mga mamamahayag din ang nagbibigay ng ilang mga payong gagawin sa oras na maipit sa pananalasa ng kalamidad. Sa tulong ng ilang ahensya ng pamahalaan, malaking bagay ang kanilang nagagampanan.

Subalit isa lamang ang mga bagyong ito na elemento ng masamang pagbabago-bago ng takbo ng klima't panahon. Ilan lamang ito sa mga gumuhit ng kasaysayan sa puso't isipan ng bawat mamamayan at nagbingit ng kapahamakan sa buhay ng mga mamamahayag. Delubyong maaaring marami pa ang darating at mananalasa sa bansang Pilipinas. Sa mga pagkakataong ito, handa na nga ba ang bayan ni Juan?

_____
Posted by sfrspcstarosa2010@gmail.com at 11:08 PM
Email ThisBlogThis!Share to TwitterShare to Facebook

15. Bilang isang mag-aaral, paano ka makatutulong sa mga biktima ng kalamidad tulad ng bagyo?
    A. Magbigay ng donasyon tulad ng damit, *groceries* at anumang gamit na makakatulong sa mga biktima.
    B. Manood ng telebisyon nang buong araw.
    C. Magbasa ng mga pahayagan upang malaman ang nangyayari sa bawat lugar.
    D. Ipagsawalang bahala ang nangyari sa mga biktima.

Basahing mabuti ang artikulo sa ibaba tungkol sa global warming.

Ang napakahabang tag-init nitong nakaraang limang buwan at ang matinding alinsangan sa gabi—kahit nitong Hunyo, na tradisyunal na simula ng panahon ng tag-ulan—ay itinuturing ng karaniwang tao na karaniwan at di dapat pansining pagbabago ng panahon.

Pero sa mga siyentipiko, ang mga "pagbabago" na ito sa klima ay babala ng isang malaking kalamidad na may saklaw na pandaigdig at hindi dapat ipagwalambahala. Hindi ito isang *phenomenon* o kababalaghan, ito ay isang krisis, nagdudumilat na katotohanan na ang mundo ay nahaharap sa isang krisis na tinatawag na "GLOBAL WARMING!"

Ayon sa mga *scientist,* ang matinding init na bumabalot ngayon sa mundo ay likha ng pagbuga ng "greenhouse gases"—partikular ay *carbon dioxide* o CO2, *methane* at *nitrous oxide*. Ang *greenhouse gases* na ito ay nagmumula naman sa usok*, pollutant coal* (karbon o uling), na ginagamit sa mga planta at pabrika ng mga industriyalisadong bansa, tulad ng Estados Unidos, Tsina, Germany, Russia at iba pa. idagdag pa riyan ang milyun-milyong sasakyang de motor na gumagamit ng gasolina. Ayon sa mga siyentipiko, dahil sa pagkaipon ng *greenhouse gases* na ito sa atmosphere o kalawakan ng mundo, ang enerhiya mula sa sikat ng araw ay hindi makapaitaas sa *outer space* o rurok ng kalawakan—kaya naiipon sa ibabaw ng mundo ang init. Ayon sa pananaliksik na pang-agham, taun-taon ay nararagdagan ng 0.6 degrees *Celsius* ang init sa ibabaw ng daigdig.

_____

(Mula sa Artikulo ni Bienvenido Santos na Global Warming:Kababalaghan o Katotohanan?

16. Bilang isang mamimili, ano ang pinakamainam na gawin upang mabawasan ang *greenhouse gases*?
    A. Bumili at gumamit lagi ng mga supot na yari sa plastik.
    B. Gumamit ng bayong tuwing mamamalengke.
    C. Gumamit ng kotseng nagbubuga ng itim na itim na usok.
    D. Magsunog ng mga gulong ng sasakyan upang mabawasan ang basura.

Ongoing technological advances continually afford new possibilities to develop the Indian Ocean's natural resources. In recent years, for example, Global Positioning Systems and acoustic sonar have allowed fishers to venture into the open ocean and target lucrative deepwater fishing grounds with ever greater precision. Today, biochemical and DNA analysis permit scientists to sift the genetic richness of the oceans, orders of magnitude higher than in the rest of the biosphere, to identify microorganisms, enzymes, and other compounds with potentially useful applications in pharmaceutical research, biotechnology, and industry. This so-called "bio-prospecting" has already achieved some success in the Indian Ocean; a peptide called Dolastatin-10, isolated from sea hare, is currently being deployed in clinical trials to treat various cancers. Although relatively few such bio-prospecting products have yet been commercialised, some estimates value the eventual market for deploying enzymes in industrial uses alone at $50 billion a year.

Threat to Mineral Wealth: Emerging technologies may soon have even greater impacts on the development of mineral deposits found on the ocean floor. At present, South Africa and Mozambique mine coastal sediments containing titanium and zirconium, and Myanmar, Thailand, and Indonesia dredge coastal deposits of tin. Increasingly, however, innovations in deepwater machinery and remote-operated vehicles enable exploitation of previously inaccessible areas of the seabed. Polymetallic nodules and polymetallic massive sulphides are the two mineral resources of primary interest to developers. Polymetallic nodules are golf ball-to-tennis ball-sized nodules containing cobalt, iron, manganese, and nickel that form over millions of years on the sediment of the seabed. Typically found at four to six kilometres in water depth, the nodules must be scooped up and brought to the surface. By some estimates, nodules may cover 10 to 18 million sq km of the Indian Ocean floor.

More recent commercial explorations have focused on polymetallic massive sulphides. "Massive" refers not to their size but to their mineral content, which can include copper, iron, gold, silver, and zinc. Unlike polymetallic nodules, which cover vast plains, polymetallic massive sulphides occur in highly localised sites — often no more than a few hectares — along hot springs in underwater volcanic ranges. They form when cold, heavy seawater descends deep into the earth's crust and is heated by magma. When the heated water buoyantly then rises to the surface, it precipitates metals from the seawater and concentrates the minerals in deposits beneath and on the sea floor.

Deep Sea Mining: In the Indian Ocean, the International Seabed Authority – the UN agency responsible for mineral rights in the high seas – in 1987 accorded India exclusive rights to explore mining polymetallic nodules in the Central Indian Ocean Basin. India's allocated area of 150,000 sq km may contain 380 million metric tones of nodules. In July 2011, China received the right to

explore a 10,000 sq km polymetallic sulphide ore deposit in the southwest Indian Ocean. While these enterprises remain exploratory, India's National Institute of Ocean Technology has undertaken sea trials and plans to deploy a fully developed deep-sea mining system in the next few years. Beyond the Indian Ocean, Canada-based Nautilus Minerals and the UK affiliate of the US's Lockheed Martin have announced plans to begin commercial mining operations in the Pacific.

Even so, practical development of seabed minerals faces major hurdles. Only two to three percent of the global sea floor has been properly mapped, and just 0.0001 percent has been scientifically investigated. Identifying resource sites whose value exceeds more readily accessible onshore deposits will prove a difficult task, requiring ventures with uncertain rewards. Their highly localised concentration renders commercially viable recovery of polymetallic sulphides especially problematic. Seafloor deposits, usually one to five megatons, also tend to be much smaller than those onshore, which can reach 50 to 60 megatons. Furthermore, deep-sea deposits, which typically exhibit a 0.2 percent concentration of rare earth minerals, pale in comparison to onshore ore deposits, which can have five to 10 percent concentrations.

All told, the Indian Ocean harbours a wealth of mineral and living resources. Various technological, environmental, economic, and political factors determine the potential for developing these assets. It falls to policy-makers, and to their peoples, to ensure these resources are managed effectively and sustainably, for the benefit of all the region's citizens.

_____
Mula sa website: www.diplomatist.com/dipom06y2013/story011.html

Inaaanyayahan din ang buong klase na dagdagan ang kaalaman sa pamamagitan ng pagbasa mula sa ibang *reading materials.*

Pagkatapos magbasa, ang bawat pangkat, gumawa ng buod gamit ang isang tsart. Ilista ang mga gawain at produkto ayon sa mga nabasa. Ipaskil sa limang sulok o bahagi ng silid-aralan at maaaring mag-ikot ang bawat grupo at basahin ang buod ng bawat grupo. (Gallery Walk)

Para sa online:
Pagkatapos nang pagbabasa ng mga tekstong ito, maaari mo ring dagdagan ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagbasa mula sa iba't ibang websites at *reading materials.*

Pagkatapos nito, gawin ang pagbubuod sa pamamagitan ng tsart sa ibaba. Ilista ang mga gawain at produkto ayon sa mga nabasa. I-post sa *teacher's dashboard* o *class website*. Maaari mo ring tunghayan ang nagawang buod ng iyong mga kaklase sa inyong *teacher's dashboard* o *class website.*

Rehiyon	Mga Produktong Likas	Mga Produktong Ganap na Maaring Magawa Mula Dito	Iba Pang Gamit ng mga Likas na Yaman

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Anong uri ng mga yamang likas ang inyong nakilala mula sa pag gawa ng aktibiti?

_____
_____
_____

2.Aling rehiyon ang mayaman o salat sa likas na yaman?Bakit?Ipaliwanag.

_____
_____
_____

3.Ano ang maaaring dahilan ng pagiging mayaman o kakulangan nito?

_____
_____
_____

4.Paano naka aapekto ang kayamanan o kasalatan ng likas na yaman sa agrikultura,
ekonomiya at maging sa kultura ng mga bansang Asyano?

_____
_____
_____

5.Paano nito hinubog ang kabihasnang Asyano?

_____
_____
_____

Ikinalulugod ng buong klase ang iyong aktibong pakikisangkot sa pangkatang gawain. Tunghayan mo ngayon ang karagdagang kaalaman tungkol sa likas na yaman.

Pagmasdan nang maayos ang mga larawan at basahin ang kahulugan ng mga konsepto na ipinahihiwatig ng mga ito. Mula sa katatapos na pangkatang gawain, tayo ay dadako sa pagkilala ng tatlong pangunahing likas na yaman sa Gawain 4.

TANDAAN

Ang likas na yaman ay may tatlong uri. Tingnan ang mga larawan at ibigay ang iyong pakahulugan ayon sa nakikita sa larawan.



aralingpinoy2.blogspot.com

www.travelphilippinesnow.co..

homeworks-edsci.blogspot.co..

1. **Yamang Lupa-** Ito ay tumutukoy sa lupaing nasasaka at natatamnan. Kasama nitoang mga pananim. Ito ay maging lambak, kabundukan, at mga kapatagan.Kasama rin nito ang mga kagubatan at mga produkto nito.

2. **Yamang Tubig-** ito ay tumutukoy sa mga ilog, lawa, talon, dagat at iba pang anyong tubig na nasasakupan ng mga bansa at ng mga gamit nito sa ekonomiya at pamumuhay ng tao.

3. **Yamang Mineral-** tumutukoy sa mahahalagang likas na yaman sa kabundukan sa pamamagitan ng pagmimina o paghuhukay sa kabundukan. Ito ay nauuri sa mga metal na *ferro alloy*, metal na di *ferrous,* at mahalagang metal at di-metal.

Panoorin mo ang isang *video* tungkol sa likas na yaman ng tatlong rehiyon sa Asya. Ang *video* ay magpapakita ng ng mga pangunahing kayamanan, pagbungkal at paggamit ng mga likas na yaman, paano ang paghuhukay nakakaapekto sa lugar na kinaroroonan nito, pangmahabang epekto sa rehiyon at iba pang mga yaman na makikita sa rehiyon.
I-klik ang link www.prezi.com/jqxi0tyhlvv4/asia-natural-resources/

GAWAIN 5. Pagpuno ng Impormasyon

Mula sa pinanood na *video*, punan mo ang mga *arrow* ng tatlong uri ng likas na yaman na makukuha mula sa tatlong rehiyon sa Asya.Isulat ang sagot sa loob ng kahon.



Timog Asya



Timog Silangang Asya



Silangang Asya

Iyong ipagpatulong ang pagpapaunlad ng kaalaman tungkol sa Asya sa susunod na gawain.

GAWAIN 6. Asia: Isailalim sa Imbestigasyon!

Mula sa resulta ng iyong tsart sa nakaraang gawain,isasalin mo ang datos sa isang simpleng *cluster map* sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya.

Gawin ang *cluster map* gamit ang Gliffy sa internet. Ito ay maglalarawan ng tatlong pangunahing likas na yaman ng bawat rehiyon ng Asya. Para sa simpleng imbestigasyon, maaaring piliin ang pinakatanyag na mga yamang likas lamang. I-*save* at kopyahin ang iyong ginawa sa *dashboard* ng modyul na ito at isumite.



Pagkatapos isumite, buuin mo ulit ang pangkat at kayaning sagutin ang mga pamprosesong tanong. Ang piniling lider ay maaaring manguna sa malayang talakayan.

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano-ano ang mga pinagkukunang yaman sa bawat rehiyon?

_____

_____

_____

_____

2.Ano ang mga pinakatanyag na yamang tubig, yamang lupa, o yamang mineral ng bawat rehiyon?

_____
_____
_____

3.Paano ang mga lokasyon o heograpiya ng mga ito nakatulong sa pag-unlad ng kani-kanilang kultura?

_____
_____
_____

4.Paano nakaapekto ang mga yamang likas sa agrikultura, ekonomiya at kultura ng mga bansang Asyano?

_____
_____
_____

5.Paano ang mga ito nakatulong sa pagbuo at pag-unlad ng kabihasnang Asyano?

_____
_____
_____

Mula sa iyong mga binasa, mas madaragdagan ang inyong Pag-unawa tungkol sa paksa sa pamamagitan ng pagsasaliksik *online*.

Pag-aralan ng maayos ang datos sa pamamagitan ng pagsusuri ng mahahalagang impormasyon mula sa mga website *online*. Tayo na!

GAWAIN 7. Biyaheng Asya

I-klik ang mga link ng website sa ibaba upang makapagsaliksik ng mga mahahalagang datos tungkol sa yamang likas ng Asya.

Narito ang mga Website:

1. www.scribd.com//doc/97538958/Yamang-Mineral-Ng-Asya- Ito ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa yamang mineral ng nga piling bansa ng Asya.
2. www.scribd.com//doc/56707243/Yamang-Likas-sa-Timog-Asya-Ito ay naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa yamang likas sa Timog Asya.

3. www.scribd.com//doc/61526630/Mga-Likas-Na-Yaman-Sa- Hilagang-Asya- Ito ay naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa yamang likas ng Hilagang Asya.
4. http://maps.howstuffworks.com/asia-environmental-issues-map.htm-Ito ay naglalaman ng mga datos at iba't ibang mapa ng Asya.
5. http://www.indiana.edu/~`easc/outreach/documents/teamsvol/east asia agriculture and natural resources.pdf -Ito ay naglalaman ng mga hand-outs tungkol sa agrikultura at GDP composition ng mga piling bansa.

Ang mga videos on-line ay mayaman sa impormasyon para sa iyong pag-aaral.Sa panonood ng *videos*,I pokus ang atensyon sa mga eksenang may diretsang kaugnayan sa **ambag ng yamang likas sa ekonomiya ng mga bansa sa Asya**. Tandaan ang mga ito upang magamit para sa susunod na gawain.

1. http://www.youtube.com/watch?v=Wmbo_S54WcM- Southeast Asia-Natural
   resources- naglalaman ng impormasyon tungkol sa likas na yaman ng Timog Silangang Asia

2. http://www.youtube.com/watch?v=skKrYOe6iiM –Katangiang Pisikal at Likas na Yaman ng kanlurang Asya- naglalaman ng katangiang pisikal at likas na yaman ng kanlurang Asia

Maaari rin nating gamitin ang mga *supplemental materials* sa silid-aklatan upang mapayaman ang ating pananaliksik tungkol sa paksa. Kumuha o magbasa ng mga Asian *magazines* at *journals* na naglalaman ng mga datos tungkol sa ekonomiya ng mga bansa sa Asya.

Mula sa mga datos na galing *online* at *supplemental resources*, I-klik ang mga grapikong pantulong sa susunod na gawain at punan ng impormasyon. Sa bawat pagsasanay ay may naka post na mapanghamong tanong. Kayaning sagutin ang tanong na ito sa pamamagitan ng pag- *type* ng iyong sagot at i- klik ang *submit button*. Makakatuloy lamang sa susunod na pagsasanay kapag nasagot na ang bawat mapanghamong tanong.

GAWAIN 8. Pagsagot sa Grapikong Pantulong

Sagutin ang bawat pagsasanay gamit ang mga *online sources* at *supplemental materials*.Pumili lamang ng apat hanggang limang bansa ng bawat rehiyon na siyang batayan ng iyong pagsagot sa bawat pagsasanay. Sagutin ang bawat mapanghamong tanong bago tumuloy sa susunod na pagsasanay. I-klik ang *submit button* sa bawat pagsasanay o kung di kaya, ilagay sa *dashboard* ng modyul na ito.

Pagsasanay 1: Report Diagram

I-klik ang kahon at i- type ang iyong sagot.

Ano ang mga pangunahing export ng mga bansa sa Timog Asya? Ipakita ito sa pamamagitan ng *Report Diagram.*



Sagutin ang mapanghamong tanong.

Ano ang naiambag ng heograpiya sa mga bansang sakop ng rehiyong ito?

_____
_____
_____
_____
_____

Pagsasanay 2: Cluster Map

I-klik ang mga bilog at i- type ang iyong sagot.

Ano ang mga pinaka mayamang mineral sa rehiyon ng Silangang Asya? Sagutin ito sa pamamagitan ng *cluster map.*

Sagutin ang mapaghamong tanong.

Paano ang mga yamang likas ng rehiyong ito nakapagpapanatili ng mga pangunahing pangangailangan ng bansang sakop nito?

_____
_____
_____
_____
_____

Pagsasanay 3: Semantic Web

I-klik ang kahon at i- type ang iyong sagot.

Ano ang mga mahahalagang yamang mineral ng Kanlurang Asya? Isulat ang sagot sa pamamagitan ng *isang semantic web.*



Sagutin ang mapaghamong tanong.

Paano nilinang ng mga bansa sa Kanlurang Asya ang yamang ito upang maiangat ang kanilang pambansang kita at matugunan ang ibang pangangailangan ng tao?

_____
_____
_____
_____
_____

Pagsasanay 4: Tree Diagram

I-klik ang kahon at i- type ang iyong sagot.

Ipaliwanag ang kagubatan ng Timog Silangang Asya. Gawin ito sa pamamagitan ng *tree diagram.*



Sagutin ang mapaghamong tanong.

Ano ang pagkakatulad o pagkakaiba ng mga bansang ito sa larangan ng yamang kagubatan?

_____
_____
_____
_____
_____

Pagsasanay 5: Triangular Map

I-klik ang bilog at i- type ang iyong sagot.

Sa uri ng lupaing mayroon ang iba't ibang bansa sa Hilagang Asya, ano ang mga pangunahing kabuhayan ang nakukuha mula sa mga likas na yaman dito? I -*type* sa tatsulok ang mga likas na yaman at mga kabuhayan mula dito.



Sagutin ang mapaghamong tanong.

Paano natugunan ng mga bansang ito ang mga pangangailagan na hindi naibibigay ng kanilang kalikasan?

_____
_____
_____
_____
_____

May pagkakaiba na ba ang kaalaman mo tungkol sa paksa? Kumusta naman kaya ang iyong mga kaklase?

Bilang bahagi ng pagpapatuloy ng gawaing ito, gawin ang mga sumusunod na hakbang para sa pag -*upload* ng mga sagot sa mga pamprosesong tanong.

Mga hakbang sa pag-upload ng sagot.

1. Bumuo ng ng grupo na may apat na kasapi.
2. Gumawa ng *google account* at ibigay ang address na ito sa mga kasamahan at sa inyong guro.

3. I- *upload* ng inyong lider ang mga pamprosesong tanong at ibahagi ito sa kasamahan .
4. Ang bawat kasapi ay malayang makalalagay ng kanyang kuro-kuro o sagot na makikita ng iba pang mga kasapi upang iwasto o makapag-komento.
5. Pagkatapos maitala ang mga sagot ng buong pangkat, kopyahin ito sa *dashboard* ng modyul.

Sagutin ang sumusunod na mga tanong.

1. Ano ang pangunahing likas na yaman ng mga rehiyon?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

2. Anong mga bansa sa Asya ang umunlad bagama't salat sila sa likas na yaman?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

3. Paano mo mailalarawan ang kalagayan ng pinagkukunan ng yamang likas ng bawat rehiyon?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

4. Ano ang naidulot ng uri ng lupain sa Hilagang Asya sa kanilang pamumuhay at kultura bilang mga Asyano?

_____
_____
_____
_____

5. Ano sa palagay mo ang maaaring dahilan ng kanilang pag-unlad? Maaari rin bang gawin ito ng Pinoy na gaya mo?

   _____
   _____
   _____

_____
_____

6. Paano hinubog ng heograpiya at likas na yaman ang kabihasnan ng kani-kanilang bansa?

_____
_____
_____
_____
_____

Subukan mo ang galing ng kasama mo sa pagsagot ng huling hamon na ito: Alin ang mas pipiliin mo? Ang may masaganang tubig o masaganang sa langis?

Makilahok sa mini-debate *online* gamit ang inyong *google account.* Ang inyong mga puna at komento ay basehan ng inyong guro para sa *graded recitation*.

Kung ikaw ay may tanong na nais iparating sa iyong guro ay ipadala ito sa e-mail address o I-klik ang *icon* ng *comment box.*

TANDAAN

Upang lalong makilala ang ating mga karatig bansa sa Asya at mga naninirahan dito, makabubuting tungyahan natin ang kanilang pamumuhay at mabisita ang kanilang mga tahanan upang lalo natin silang maunawaan.

Sa mga lambak at ilog sa Kanlurang Asya umusbong ang ilang tanyag na kabihasnan.

Tuklasin natin ngyaon kung paano ang uri ng lupain at heograpiya dito ay nagpasimula ng kabihasnan. Ano ang kapakinabangan ng kanilang likas na yaman sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay at panahanan?

Sa susunod na sitwasyon, alamin kung paano nakibagay at naimpluwensiyahan ng kapaligiran ang kanilang kultura.

Sa isang data retrieval chart sa susunod na gawain, pangatwiranan mo ang mga pahayag tungkol sa kultura ng mga Asyano.

GAWAIN 9. Tsart ng Pag-uugnay

I- *type* sa kanang bahagi ng tsart ang iyong katuwiran, kuro-kuro o mga datos na susuporta sa mga sumusunod na pahayag. Isahan itong gawin at ilagay sa *dashboard* ng modyul. Ang tsart ay maglalaman ng mga pamaraan ng pamumuhay ng mga piling bansa sa mundo.

Tsart ng Pag-uugnay

Pamamaraan ng Buhay	**Kaugnayan ng Heograpiya sa Kultura ng mga Asyano**
Ang mga Eskimo sa Alaska ay nagsusuot ng makakapal na damit at tumitira sa *igloo* para malabanan nila ang lamig.	
Ang mga Indian at Arabian ay nagsusuot ng putong at turban upang malabanan ang init sa Deccan Plateau.	
Pangingisda o pakikipagkalakalan sa ibayong dagat ang ikinabubuhay ng mga nakatira sa peninsula o tangway.	
Ang malawak na patag ng Timog-silangang Asya ay patuloy na nagbibigay ng pagkain at mga produktong pangluwas.	
Ginagamit ng mga Hapon ang teknolohiya ng *hydroponics* upang makatanim ng iba't ibang halaman na di nangangailangan ng mataba at malawak na lupain.	
Natutong mamastol ang mga taga -Hilagang Asya sa malawak na lupaing sagana sa damo at malamig na klima.	

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Anong mga bansa sa Asya ang may katulad na karanasan sa mga Eskimo?

_____
_____
_____

2.Paano ang ibang bansa sa Asya na may katamtamang temperature ay nakibagay sa kanilang kapaligiran?

_____
_____
_____

3.Ano naman ang iba pang hanapbuhay na maaaring gawin sa mga bansang arkipelago, *landlocked* o bulubundukin?

_____
_____
_____

4.Ano ang mga nilikha ng mga bansang salat sa hilaw na materyales o kulang sa likas
yaman upang matugunan ang mga pangangailangan?

_____
_____
_____

5.Ikaw, paano ka nakikibagay sa kinaroroonan mong kapaligiran?

_____
_____
_____

6.Paano ito nagbago ng iyong pamumuhay o kultura?

_____
_____
_____

7.Paano hinubog ng kapaligiran ang kabihasnan ng iba't ibang bansa sa Asya?

_____

_____

_____

TANDAAN

Namuhay ang mga sinaunang Asyano na umasa sa likas na yaman na kanilang kinuha sa kapaligiran. Nanirahan sila sa mga kuweba, gubat, malapit sa baybay dagat, o ilog upang mapadali ang kanilang pamumuhay at mabuo ang kanilang kultura.

Malaki ang papel na ginagampanan ng likas na yaman sa buhay ng tao. Dito sila kumukuha ng kanilang mga pangangailangan upang mabuhay at umuunlad ang kabihasnan.

Lumawak ang kanilang kaalaman mula sa mga payak na pamamaraan, tinuklas nila ang higit pang maunlad na teknolohiya upang malinang ang mga likas na yaman sa pag-unlad ng isang bansa. Naisusulong ng bawat bansa ang pambansang kaunlaran sa tulong ng mga likas na yaman.

Ang likas na yaman ng isang pisikal na paligid ay mahalaga rin maging sa kultura ng isang bansa. Ang yaman o kakulangan nito ay maaaring makapaglimita o makapagpayaman ng pagbabago ng iba't ibang salik ng kultura.

Si Karl Sauer ng University of California, Berkeley ay nagsabi na ang kultura ay umusbong dahil sa *landscape* at tumutulong din upang umunlad ang *landscape.*

Ano ang maaaring tugon ng tao sa sumusunod na salik at sitwasyon? Sagutin mo ang mga sumusunod.

1.Sa agrikultura: Mga taong nakatira sa lugar na may mababang uri at malawak na lupain

_____

_____

_____

2.Sa pamumuhay: Malaking reserba ng langis

_____
_____
_____

3.Sa panahanan: disyerto at mabatong lupain

_____
_____
_____

4.Sa kultura: Babad sa kulturang urban

_____
_____
_____

Ang iyong sagot at hinuha ay maaaring talakayin sa harapang pakikipagkita sa iyong guro o di kaya sa oral questioning sa inyong mga mag-aaral.

Ano ang mga bago mong natuklasan batayan sa iyong mga napag-aralan?

_____
_____
_____
_____
_____

Sa patuloy ng iyong pag-aaral, natuklasan mo na kasama ng pag-unlad ay lumitaw ang mga suliraning pangkapaligiran. Dahil sa teknolohiya at iba pang paraan ay naapektuhan ang kapaligiran.

Mula sa mga pagmamasid, ano-ano ang mga epekto nito? Tuklasin natin sa susunod na gawain.

GAWAIN 10. Panoorin mo, Pananagutan Mo!

Panoorin ang mga sumusunod na video. I-klik ang mga link.

1. http://www.youtube.com/watch?v=xtQdP-O8yRE- ito ay naglalaman ng mga termino tungkol sa mga suliraning pangkapaligiran
2. http://www.youtube.com/watch?v=gyyk-2sDN4U&feature=watch-vree ito ay nagtatalakay ng ibat't-ibang uri ng polusyon

Mula sa mga nasaksihan sa videos, o di kaya sa maiksing panayam mula sa mga eksperto, mga magulang at kaibigan, punan ang mga kahon sa kolum ng **Maaaring Pinagmulan o Sanhi** ng talahanayan sa ibaba.

Uri ng Polusyon	Maaaring Pinagmulan/o Sanhi
phipress.blogspot.com	
kasaysayanngmundo.blogspot. .	
buhaypenoy.wordpress.com	

Ilagay sa *dashboard* ng modyul ang iyong natapos na talahanayan. Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano ang tatlong malalang uri ng polusyon na nangyayari sa Asya?

_____
_____
_____

2.Ano ang sanhi ng iba't ibang uri ng polusyon?

_____
_____
_____

3.Paano ang mga ito nakaapekto sa pamumuhay, kultura at panahanan ng iba't ibang bansa?

_____
_____
_____

4.Ano ang mga simpleng hakbang upang ito ay maibsan o matigil ang mga polusyong ito?

_____
_____
_____

Makipag-*chat* sa guro o kaklase upang mapag-usapan at mapayaman ang kaalaman at sagot tungkol sa gawain sa d*ashboard.*

Ngayong pinag-usapan ang tungkol sa pangangalaga sa mga likas na yaman, inyong natutuhan ang mahahalagang konsepto tungkol sa ekolohiya o pangangalaga ng kapalgiiran.

TANDAAN

Ang polusyon ay ang kontaminasyon ng tubig, hangin, at lupa na sanhi nang pabayang pagtatapon ng mga bagay na nakakalason dito.Ito ang pangunahing dahilan sa pagkawala o pagkaubos ng ating kalikasan. Ating isa-isahin ang iba pang kadahilanan ng pagkasira o pagkawala nito.

1. Kawalan ng pagpapahalaga ng tao
2. Bara-barang programa sa kaunlaran
3. Hindi wastong pagtatapon ng basura
4. Ilegal na pagtotroso

Sa inyong pagsasaliksik, nalaman mo rin ang iba pang mga problema sa kapaligiran gaya ng mga sumusunod:

1. Desertifikasyon- isang proseso ng pagsasatuyo ng isang kagubatan
2. Deforestasyon- ito ay tumutugon sa walang ingat na pagputol ng mga puno sa kagubatan
3. Global warming- pag-iinit ng atmospera sa daigdig
4. Erosyon- ang pagkatangay o pagkaagnas ng lupa dahil sa galaw ng tubig o hangin
5. Salinasasyon- ang pagkabuo ng asin sa ibabaw ng lupa na naging sanhi ng pagkabaog nito.

Ang lahat ng ito ay nagdulot ng hindi balanseng *ecosystem.*

Ang *ecosystem* ay tumutugon sa sistemang interaksyon ng isang komunidad na biyolohikal at walang buhay na organismo. Ito ay may kinalaman sa ugnayan ng mga katangiang pisikal, kemikal, bayolohikal at uri ng enerhiya gaya ng hangin, tubig, lupa at mga organismo.

Ang mga likas na yaman at kapaligiran ay mahalaga sa bawat bansa. Ginagawang mayaman nito ang ibang bansa, salat naman ang iba. Tanging ipinagsama lamang ito nang maayos dahil sa isang napakamahalagang salik, ang YAMANG TAO.

Mahalaga ang papel na ginampanan ng tao sa pagtaguyod ng likas na yaman at kapaligiran ng isang bansa. Sa rehiyon ng Asya, kailangan ng bawat Asyano na magsikap na maipagpatuloy ito upang mapangalagaan ang agrikultura, ekonomiya at kultura ng bawat bansang napabilang dito.

Subalit nakakalungkot isiping tao rin ang pangunahing dahilan ng pagkaubos at pagkasira ng mga ito.

Isang aklat ang nagsaad na “The goal of life is living in agreement with nature”.

Ang kalikasan ay nagbigay buhay sa ating pamumuhay, kultura at iba pa.Ito rin ang nagbigay buhay sa kabihasnan ng iba't ibang bansa, lalo na sa Asya.

Bilang Asyano, paano tayo nakikibagay sa ating kalikasan?

Gawain 11: Pagbibigay Interpretasyon sa Larawan

Tingnan mo ang larawan sa ibaba.



bio1903.nicerweb.com

Ano ang ipinahihiwatig ng larawang ito?

Gumawa ng pangkatang interpretasyon ang larawang ito sa pamamagitan ng pagsulat ng isang pahinang ulat . Isulat ito sa inilaang kahon sa ibaba. Ibabahagi sa buong klase.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang tinatawag na *ecological footprint*?

_____
_____
_____

2.Ano ang bumubuo ng iyong *ecological footprint?*

_____
_____
_____

3.Anong mga bakas na nakasasama ang nakamit sa ating kapaligiran kapalit ng kaunlaran?

_____
_____
_____

4.Paano mababawasan ang isang personal *ecological footprint*?

_____
_____
_____

Ating basahin ang teksto ng isang dalaga na nagngangalang Takako Nakamura.

GAWAIN 11. Pagbasa ng Case Study

Basahin ang isang case study tungkol sa epekto ng polusyon. Ito ay naglalahad ng masamang epekto hindi lamang sa kalikasan ngunit pati na rin sa tao.

Matapos mong basahin ang teksto ay sagutin ang mga pamprosesong tanong.

Basahin ang teksto sa ibaba.

Teksto 6

Takako Nakamura: Biktima ng Polusyon

Bago siya nagtrabaho sa isang pabrika na nagtutunaw ng mineral na *zinc* sa Gumma, malapit sa Tokyo, si Takako Nakamura ay isang malusog at masayahing dalaga. Mahilig siyang kumatha ng mga tula at nangangarap maglakbay sa ibang bansa.

Dalawang taon matapos siyang mapasok sa dibisyon ng Toho Zinc Co. bilang tagakayod ng *cadmium ingot*, madalas na makaranas si Takako ng pagsakit ng ulo, pagsusuka at pananakit ng kalamnan. Inilipat siya sa opisina ngunit hindi bumuti ang kanyang lagay. Nadagdagan pa ito ng pag-atake ng nerbyos at labis na pananakit ng mga hita at binti. Dalawang ulit siyang dinala sa ospital ngunit hindi matukoy ng mga doktor ang kanyang karamdaman.

Lumala ang kondisyon ni Takako. Naging sumpungin siya, mainitin ang ulo at sinusundan ng pagiging histerikal.

Isang araw biglang nawala si Takako. Kinagabihan, dumating ang mga pulis at ipinaalam sa mga magulang niya na nagpatiwakal si Takako sa pamamagitan ng pagtalon mula sa isang humahagibis na tren.

Inisip ng ibang tao na nasiraan ng bait si Takako ngunit iba ang palagay ng kanyang mga magulang. Matapos matanggap ang pangyayari, sinikap ng mga ito na tuklasin ang sanhi ng kamatayan ng anak. Inisa-isa nila ang mga tulang isinulat ni Takako. Sa isang pahina ng kuwaderno, nakasulat ang ganito:

“ Nadarama ko ang paggapang sa buo kong katawan ng tumpuk-tumpok na yero at buhangin. Hindi ko nadama ito noong hindi pa ako nagkakayod ng *cadmium*.

Ito ang pahiwatig nang hinahanap ng mga magulang ni Takako. Muli nilang ipinahukay ang bangkay ni Takako upang ipa-awtopsya. Natuklasan ng mga mediko legal na ang atay ni Takako ay punong-puno *ng cadmium*-22,400p.p.m. ang bilang. Sampung ulit ang dami kaysa ibang bata sa katulad niyang edad. Isa si Takako sa biktima kapalit ng kaunlaran.

Hango sa pahina 119 ng Asya:Kasaysayan at Kabihasnan nina Purificacion R. sobritvhea, Aurora L. Santiago at Rodolfo V. Flores, JO-ES Publishing and Printing House, 1997.

Sagutin ang mga tanong.

1.Tungkol saan ang iyong binasa? Sang ayon ka ba sa nangyari kay Takako?

_____
_____
_____

2.May narinig ka bang kuwento na kahawig sa nangyari kay Takako?

_____
_____
_____

3.Ano ang ibang halimbawa ng polusyon na nakamamatay ng tao?

_____
_____
_____

4.Mapagsasabay ba ang kaunlaran at pagpapanatili ng kapaligiran? Kung Oo, paano? Kung hindi, bakit?

_____
_____
_____

5.Sa ganitong pangyayari, ano ang maaaring epekto nito sa yamang likas ng Hapon?

_____
_____
_____

6.Ano ang implikasyon ng pangyayaring ito sa pamumuhay at panahanan ng mga
Hapon?

_____
_____
_____

7.Paano nakatulong ang kapaligiran sa paghubog ng kultura ng mga Hapon at maging
sa iba pang mga bansa?

_____
_____
_____

May mahalagang papel ang tao upang maiwasan ang sari-saring uri ng pagkasira ng kalikasan. Siya ay maaaring maging instrumento sa pagpapaunlad ng mga likas na yaman at ng kalikasan. Maaari itong makamit sa pamamagitan ng mabisang paraan tulad ng sustinableng paglilinang.

Ano naman ang tinatawag na **sustinableng palilinang**?

TANDAAN

Ang **sustinableng paglilinang** ay tumutugon sa responsable at maingat na paggamit ng kapaligiran upang matugunan ang kasalukuyang pangangailangan ng henerasyon nang hindi isinusuko ang kakayahan nitong matugunan ang pangangailangan ng mga susunod na henerasyon.

Naging malalim at malawak ang ating talakayan at naging mayaman ang inyong kaalaman tungkol sa paksa. Bago pa man tayo tumuloy sa pagpapalalim ng inyong kaalaman at pag-unawa, magmumuni-muni ng ilang sandali upang mataya ang inyong sarili tungkol sa paksa sa pamagitan ng pagsagot nang masinsinan ng Three Minute Pause.

GAWAIN 12. **Three Minute Pause**

Sagutin ang gawain sa ibaba.

3 Bagay na Nalaman

_____
_____
_____
_____

2 Kawili-wiling Bagay

_____
_____
_____

1 Naiwang tanong

_____
_____

Ang inyong indibidwal na kasagutan ay i-*upload* sa *gmail address* ng inyong guro. Makakatulong ito sa paghanda ng inyong aralin sa pagpapalalim ng pag unawa.

Katapusang Bahagi ng Paglinang

Nalaman mo sa bahaging ito ng modyul ang mga yamang likas ng Asya at implikasyon nito sa agrikultura, ekonomiya, at panahanan. Gayundin ang mga kaalaman tungkol sa mga sanhi ng pagkasira ng mga yamang likas at pangangalaga ng mga ito.

Nalinawan ka na rin kung alin ang tama sa mga konseptong una mong nabanggit sa *KWLH Chart*. Natukoy mo na ba kung aling konsepto ang mali?

Ngayong alam mo na ang mga mahahalagang konsepto tungkol sa aralin, samahan mo akong palalimin ang iyong mga kaalaman tungkol sa ASYA.

PAGPAPALALIM

Ang hangarin mo sa bahaging ito ng modyul ay magkaroon ng kritikal na pagsusuri sa mga mahahalagang aspekto ng ating paksa. Paano nakaaapekto ang mga yamang likas sa agrikultura, ekonomiya, at kultura ng mga bansang Asyano? Paano nito nahubog ang kabihasnang Asyano?

Ating pag-aralan ang iba't ibang uri ng mapa. Mula sa mga mapa ay mahuhugot mo ang mga mahalagang impormasyon na magpapalalim ng iyong kaalaman tungkol sa paksa. Handa ka na ba?

GAWAIN 13. Pagbasa ng Mapa

I-klik ang *link* sa ibaba. Basahin at pag-aralan ito.

http://maps.howstuffworks.com/asia--land-use-resources-map.htm--ito ay naglalaman ng mapang nagpapakita ng paggamit ng kalupaan ng mga bansang Asyano.

Sa iyong pag-aaral ay sikaping masagot ang mga pamprosesong tanong.

Sagutin ang mga tanong.

1.Ano ang mga pangunahing yamang likas ang makikita sa mapa?

_____

_____

_____

2.Ano ang sari-saring paraan na nangingibabaw sa paggamit ng lupa sa Asya?

_____

_____

_____

3.Bakit may mga bansa na gumagamit ng lupa para sa komersyal na agrikultura?

_____

_____

_____

4.Ano ang papel ng kapaligiran at kalikasan sa kakayanan ng isang agrikultural na bansa para maging industriyalisado?

_____
_____
_____

5.Paano ang mga produkto mula sa agrikultura nakaaapekto sa pambansang ekonomiya?

_____
_____
_____

6.Kung ang isang bansa ay agrikultural, anong uri ng kultura ang nabubuo rito?

_____
_____
_____

7.Paano ang agrikultura, ekonomiya at kultura ay nakabubuo ng isang kabihasnan?

_____
_____
_____

Sa patuloy na pagpapalalim ng iyong kaalaman, gawin ang pagsasanay sa pagkuha ng mga pangunahing estadistika ng mga pipiliing bansa sa Asya.

Ito ay mahalaga upang maiugnay ang mga implikasyon ng mga datos sa ekonomiya ng mga bansa sa Asya.

Magpatuloy ka sa susunod na gawain

GAWAIN 14. Maging Statistician!

I-klik ang *link* http://maps.howstuffworks.com/asia--land-use-resources-map.htm Naglalaman ito ng mapang nagpapakita nang paggamit ng kalupaan ng mga bansang Asyano. Pumili ng tatlong bansa sa bawat rehiyon sa Asya. Hanapin ang mahahalagang datos na hinihingi ng talahanayan para sa estadistika ng mga napiling bansa.

Hanapin ang estadistika ng sumusunod na aspekto ng ekonomiya ng mga piniling bansa. Isulat sa tsart.

a. Gross Domestic Product
b. Industry
c. Agriculture
d. Arable Land
e. Natural Resources

Rehiyon / Bansa	GDP	Industriya	Agrikultura	Bahagdan ng Mabubungkal na Lupa	Likas na Yaman

Sagutin ang mga tanong.

1.Aling rehiyon ang may pinakamaraming produktong agrikultura?

_____
_____
_____

2.Ito rin ba ang mga bansa na may pinakamataas na bahagdan nang nasasaka ng lupa?

_____
_____
_____

3.Sumasang- ayon ba ang antas ng GDP sa antas ng agrikultura?Sa bahagdan ng nabubungkal na lupa? At likas na yaman?

_____
_____
_____

4.Ayon sa estadistika, may kaugnayan ba ang uri ng heograpiya sa antas ng GDP ng isang bansa? Ipaliwanag.

_____
_____
_____

5.Ano ang nilikha ng mataas na bahagdan nang nasasakang lupa,industriya at agrikultura sa kabuuang pag-unlad ng isang bansa?

_____
_____
_____

6.Ano ang papel na ginampanan ng mga salik na ito sa pagbuo at tuluyang pag unlad ng kabihasnan ng mga bansang Asyano?

_____
_____
_____

GAWAIN 15. Sumulat ng Sanaysay

Kung marapatin lamang, alin sa sumusunod na salik ang dahilan ng tagumpay ng karamihan sa mga bansa sa Asya? Pumili ng isa.

- Lawak ng nabubungkal na lupa
- Mataas na antas ng GDP
- Kakaibang kultura ng lugar

Bumuo ng maikling sanaysay sa iyong napili at isumite.

Kumbinsido ka na ba na ang mga salik na naitala sa itaas ay may ginagampanang mahalagang papel upang mabuo ang isang kabihasnan?

Totoo ngang mayaman ang Asya sa likas na yaman. Ito ay may malaking naiambag sa agrikultura, ekonomiya, at maging sa hanapbuhay ng mga bansa dito. Ito ay nagdudulot rin ng mga industriya gaya ng turismo. Basahin ang artikulo sa ibaba.

Paano maipapakita ang kultura ng isang bansa sa pamamagitan ng industriya ng turismo?Ating aalamin sa pamamagitan ng pagbasa ng isang artikulo.

Teksto 7

Basahin ang artikulong may pamagat: *Turismo, nagpapalalim ng pagkaalam sa Timog Silangang Asya.*

Turismo, Nagpapalalim ng Pagkaalam sa Timog Silangang Asya

Malalapit na ang tradisyonal na *Spring Festival* ng Tsina, unti-unting dumarami ang mga turistang Tsino sa iba't ibang lugar na panturista sa Timog Silangang Asya. Ilang taong nakalipas, tuwing *Spring Festival* ang nakasasaksi ng *travel peak* ng mga turistang Tsino sa Timog Silangan Asya at lumalaki pa ang bilang nito. Sa panahong ito noong isang taon, ang bilang ng mga turistang Tsino sa Phuket Island lamang ay lumampas sa 50 libo. Ang konsumong panturista mula sa Tsina ay naging isa sa mga pangunahing sandigan ng industriya ng turismo ng mga bansang ASEAN.

Ipinalalagay ng halos lahat ng mga tauhan sa sirkulong panturista ng mga bansa ng Timog Silangang Asya na malaki pa ang potensiyal na dulot ng pamilihan ng Tsina at kailangang ibayo pang galugarin ito. Kahit malapit ang Tsina sa mga bansang ASEAN, hindi pa rin ginhawa ang biyahe sa Timog Silangang Asya sa pamamagitan ng transportasyong panlupa. At higit pa, dapat may bisa ang mga bisitang Tsino sa iba't ibang bansang ASEAN, bagay na humahadlang sa mga manlalakbay na Tsinong gustong bumisita ng ilang bansa sa isang biyahe.

Gayunpaman, kasunod ng pagsasakatuparan ng plano ukol sa ugnayan at palitan ng Tsina at mga bansang ASEAN, sa susunod na ilang taon, malulutas ang naturang mga suliranin. Sa kasalukuyan, ang mga pambansang lansangan at daambakal na nag-uugnay ng Tsina at mga bansa sa Timog Silangang Asya ay nasa konstruksyon. Sinimulang isagawa ngayon ng ilang bansang ASEAN ang "visa upon arrival" sa mga turistang Tsino at paulit-ulit na tinatalakay din ang posibilidad ng pagsasagawa ng "integrasyon ng bisa" noong isang taon. Ang pagbuti ng nasabing kondisyon ay dapat magkaloob ng mas maraming pagkakataon sa mga Tsino para malaman ang kultura at natural na tanawin sa Timog Silangang Asya.

Pinagkunan: http://filipino.cri.cn/301/2012/01/19/2s107419.htm downloaded Nov.22, 2012

Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang dulot ng *Spring Festival* sa turismo ng mga bansang ASEAN?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

2. Paano nagpapalalim ng pag-unawa sa kultura ng isang bansa ang industriyang turismo?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

3. Ano-ano ang mga humahadlang sa mga Tsino upang makapagbiyahe sa mga bansa sa ASEAN?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

4. Paano maitaguyod ng ibang bansa sa Asya ang kani-kanilang kultura sa pamamagitan ng turismo?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

5. Paano ang industriyang turismo ay nagbibigay daan sa paglago ng kabihasnan ng mga bansa sa Asya?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

TANDAAN

Malaki ang naiambag ng turismo sa industriya ng isang bansa. Ito ay magpapalalim rin sa kaalaman ng kultura ng isang bansa o rehiyon ng Asya.

Ano naman ang maitutulong ng mga produktong nagmula sa agrikultura? Ang mga produktong agrikultural na makukuha mula sa kalupaan ng bansa ay makakatulong sa ekonomiya nito. Kung masagana ang produkto, ito ay magbibigay buhay sa ekonomiya ng bansa. Kapag matatag ang ekonomiya, mas tutubo at uunlad ang kultura nito.

Ang inyong kaalaman ay tiyak na makakatulong sa pagtimbang ng mga sitwasyon sa ating susunod na gawain.

Ikaw ay inatasang maging *trade relations head* ng ating bansa sa isang pagpupulong ng mga pinuno ng *international trade*. Ang pag-uusapan ay tungkol sa mga eksport ng mga pangunahing produkto na maaaring may malaking potensyal sa pandaigdigang pamilihan. Alin sa mga sumusunod na produkto ng Pilipinas ang nais mong linangin at iluwas?

Isulat sa ibaba nang napiling larawan ang dahilan ng ginawang pagpili.

philgift.com

_____

_____

Mula sa thinkgreenliveclean.com

_____

_____

Mula sa sulit.com.ph

_____

_____

Mula sa futureclick.net

_____

_____

Sagutin ang mga tanong.

1.Ano ang batayan ng iyong desisyon sa pagpili ng produktong iluluwas?

_____

_____

_____

2. Ano ang mahalagang papel ng kapaligiran sa pag-unlad ng agrikultura at ekonomiya ng isang bansa?

_____

_____

_____

3. Ano ang ipinapahiwatig ng ating mga produktong pang eksport tungkol sa uri ng ating pamumuhay?

_____

_____

_____

Maaaring tama ang iyong desisyon sa nasabing sitwasyon. Nais nating mapatunayan ang iyong panindigan tungkol sa likas na yaman ng Asya. Subukan mong gawin ang susunod na aktibiti.

GAWAIN 16. Tutol Ako!

Punan ang *Thesis-Proof Chart* na may kolum ng **Ebidensyang Nagsusuporta** at kolum ng mga **Ebidensyang Tumututol**. Kung ikaw ay sang-ayon na mayaman sa likas na yaman ang mga bansa sa Asya, punan ang **Ebidensyang Sumusuporta**. Kung ikaw naman ay hindi sang- ayon, punan ang kolum ng **Ebidensyang Tumututol**. Ang iyong sagot ay maaaring sang- ayunan o tututulan ng iyong mga kaklase sa inyong munting debate *online*. Ito ay gagawin sa pamamagitan ng Google.doc na naunang nang ginawan ninyo ng *google account.*

THESIS-PRO0F

Thesis: *Ang Asya ay Mayaman sa Yamang - Likas*

Ebidensyang Sumusuporta	Ebidensyang Tumututol

Kongklusyon

-
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Anong mga bansa ang nagpapatunay na mayaman ang Asya sa yamang likas?

_____
_____
_____

2.Anong mga bansa ang nagpapatunay na salat sa likas na yaman ang Asya?

_____
_____
_____

3.Paano nakiayon ang mga mamamayan sabansang salat sa lupa, tubig at iba pang yamang likas?

_____
_____
_____

4.Paano naman binago ng likas na yaman ang kultura ng mayamang bansa?

_____
_____
_____

5.Kumbinsido ka ba na may kaugnayan ang likas na yaman sa kultura ng mga bansang Asyano?

_____
_____
_____

6.Sa Japan, nakatulong ng malaki sa pag- unlad ng ekonomiya ang mataas na kalagayang panteknolohiya, masipag at matalinong populasyon , malaking puhunan at kapital. Alin sa mga ito ang dapat tularan nating mga Pilipino?

_____
_____
_____

7.Naging daan ba ito sa paghubog ng kabihasnang Asyano? Ipaliwanag.

_____
_____
_____

Aktibo ang iyong pakikilahok sa munting debate *online*. Upang masukat ang iyong kakayahan sa pagtanggol ng iyong mga opinyon, ihanda ang iyong sarili sa personal na pakikipagkita sa iyong guro. Gawin ang susunod na aktibiti.

GAWAIN 17. **Susuriin ko!**

May magkaibang larawan ang iyong matutungyahan. Pag –aralan ang mga ito. Sa ibaba ng bawat larawan ay sagutin ang mga tanong sa pamamagitan ng *one minute essay.*

One Minute Essay

en.wikipedia.org

Ano ang mabuting naidulot ng malawak at matabang lupain sa kultura ng isang bansa?_____
_____
_____
_____
_____

Ekonomiya

123rf.com nwnature.net tradekey.com

Ano ang epekto ng isang masaganang yamang likas ng isang bansa sa kalinangan?_____
_____
_____
_____
_____

Panahanan



trendsupdates.com wunderground.com
camelcharisma.wordpress.com

Tingnan at ihambing ang mga larawan.

Paano ang kapaligiran nagpabago o nakapag- impluwensya sa tao?

_____
_____
_____
_____
_____

Naging mahalagang salik ba ang iba't ibang heograpiya sa Asya sa paghubog ng kabihasnan ng mga bansang Asyano?

Ang iyong mga sagot ay patotohanan sa pamamagitan ng pagkikita sa iyong guro upang mapagtibay ang iyong output sa one-minute essay.

TANDAAN

Ayon sa mga larawang natunghayan, ating mahihinuha na ang kapaligiran ay sadyang nakaaapekto at naiiugnay sa paraan ng ating pamumuhay gaya ng mga sumusunod:

- Pagharap sa matinding init at lamig
- Pagsuot ng iba't ibang uri ng damit
- Paninirahan sa iba't ibang uri ng bahay
- Kumain ng iba't ibang pagkain ng nakakarami

Sa susunod na gawain, kayo ay magbabahagi ng kuwento.

Kayo ay pupunta sa silid aklatan at gamit ang iba't ibang sanggunian, hahango ka ng mga implikasyon ng yamang likas sa pamumuhay ng mga Asyano noon at ngayon sa larangan ng agrikultura, ekonomiya, at kultura.

Pagsama-samahin ang mga kaalaman na nakuha sa pagbasa at pag- aralan ang mga larawan sa loob ng kahon.

Ang buong klase ay papangkatin sa limang grupo na may 6-7 na kasapi. Ang bawat pangkat ay pupuna ng isa sa limang larawan. Ang magiging puna ay gawin sa *Wall Wisher.* Idikit ang napiling larawan at lagyan ng mga *speech bubbles* ayon sa bilang ng kasapi.

I-*save* at kopyahin ang iyong wall sa *dashboard* ng modyul at I-klik ang submit.

pradeerpranade.com



uwlax.edu

youngagropreneur.wordpress.com



godsmonsters.com



biblearcheology.org

Sagutin ang mga tanong.

1.Anong aspekto ng kultura ang ipinakita ng mga larawan?

_____

_____

_____

2.Paano nakaapekto ang paggamit ng teknolohiya sa mga likas na yaman ng isang bansa?

_____

_____

_____

3.Ano ang naging papel ng kapaligiran sa pag- unlad ng pamayanan at pag-usbong ng kultura ng mga pamayanan? At maging sa kabihasnan ng mga bansa sa Asya?

_____
_____
_____

4.Ano ang ibig sabihin ng *Ang pangangailangan ng tao ay walang hanggan subalit ang likas na yaman ay may katapusan?*

_____
_____
_____

5.Anong magagandang aral ang iyong natutunan sa paggawa ng Wall- Wisher?

_____
_____
_____

Upang mas maunawaan ang impluwensiya ng ating kapaligiran sa kalinangan ng isang bansa basahin at suriin ang artikulo sa ibaba.

